Noong 1914, nakabili ang kapulungan sa Oaklands ng isang lote katabi ng kanilang tinitipunan at nagsimulang magtayo. Malaking bahagi ng trabaho ay boluntaryo. Ilan sa mga bakanteng oras ko ay napunta sa proyektong iyon. Noong Agosto ng taong iyon, nagbakasyon kami ni Frank at nagpasyang maglakad sa bahagi ng Vancouver Island pahilaga. Nagbabadya na ang digmaan pero hindi pa namin iyon iniintindi noon. Pagsapit ng unang hapon, nagsisimula na kaming umakyat sa Malahat. Ngayon, ang Malahat ay isang magandang daanan para sa mga motorista sa hilaga ng Victoria. Noon, isa itong one-way na daang graba na may mga lugar dito at doon para makadaan ang paminsan-minsang sasakyan. Matarik ang akyatan, at may ilang nagyayabang na kaya nilang umakyat nang naka-high gear. Napakaimposible niyon! Gumagabi na at nagsisimula na kaming maghanap ng magandang lugar para matulog sa labas. Isang motorista na sakay ng bukas na model-T Ford ang nag-alok na isakay kami. Umupo si Frank sa harapan katabi ng drayber at umakyat naman ako sa ibabaw ng ilang bagahe sa likuran. Pagkatapos ay humarurot ang

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

drayber sa isa sa pinakakapana-panabik na sakay na naranasan ko kailanman. Pataas at pababa, paikot sa mga kurbada sa daang graba na nakabitin sa gilid ng bangin, hindi siya bumagal hanggang huminto siya sa harap ng isang saloon sa Duncan. Nangako siyang lalabas siya pagkalipas ng ilang minuto, sapat lang para palakasin ang loob niya sa alak. Ilang milya pa ang layo, huminto na naman siya sa saloon sa Horseshoe Bay. Nagpasya kaming huwag nang isapanganib ang aming buhay sa ganoong drayber. Isa pa, dumidilim na. Kaya lumayo kami sa daan, gumawa ng higaan mula sa mga sanga ng pino at pakong bracken, at namaluktot sa aming mga kumot.

Kinabukasan, naglakad pa kami nang ilang milya pahilaga at saka bumalik sa dinaanan namin. May kaibigan si Frank sa Cobble Hill na kasama naming nagpalipas ng dalawang masayang araw sa pamamangka at paglangoy. Mula roon, pumunta kami sa Shawnigan Lake (kakaunti pa lang ang bahay doon noon), at matapos magpalipas ng isang gabi roon ay naglakad papuntang Goldstream sa daan ng Sooke Lake. Malungkot na landas iyon pero napakaganda. Wala kaming nakitang kahit isang tao buong araw, pero may nakita kaming mga bakas ng paa ng oso at panther.

Habang nasa paglalakbay kami, idineklara ang Unang Digmaang Pandaigdig. Ang department store na pinagtatrabahuhan ko ay nasa pagitan ng dalawang opisina ng pahayagan. Idinidikit sa mga bintana ang pinakabagong balita tungkol sa digmaan kaya humihinto ang mga tao para makibalita. Hindi ako gaanong interesado sa mga ganoong bagay dahil 15 taong gulang pa lang ako.

Ang buhay-Cristiano ko ay pangalan lang; hindi pa rin ako natututong kumain sa Salita. Ang pagdalo sa mga pulong, sa Sunday school, at tuwing tag-araw ay sa mga open-air na pulong sa downtown – iyon lamang ang abot ng aking espirituwal na gawain. Pero walang tunay na espirituwal na paglago ni anumang malinaw na pagpapatotoo para kay Cristo. Ligtas na ako pero hindi nahahamon, o kaya naman ay binabalewala ko ang mga hamong dumarating.

Pagsapit ng 1915, lalong lumakas ang panawagan sa mga lalaki na magboluntaryo sa serbisyong militar. Hindi talaga ako interesadong pumunta sa ibang bansa at tiyak na hindi rin ako hinihikayat ng pamilya ko

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

sa ganoong isipin. May pagkakaiba ng opinyon sa kapulungan tungkol sa serbisyong militar. May ilang nagpalista pero ang iba ay nanindigan bilang mga conscientious objector at nagdusa dahil sa kanilang paninindigan. Isang brother ang napakalakas ng pamumuna sa mga lalaking nagpalista. Para sa akin, walang gaanong bigat ang kanyang pamumuna dahil malaki ang kinikita niya sa paggawa ng mga gamit pandigma. Ano ba ang pagkakaiba ng paggawa ng bala at pagpapaputok nito?

Ang talagang nakaakit sa akin ay ang posibilidad na magpalista sa isang lokal na regimyento na nagbabantay sa Pacific Coast. Bahagi ang regimyentong ito ng regular na hukbo ng Canada at iba sa Canadian Expeditionary Force na naghahandang pumunta sa ibang bansa. Mabibigyan ako nito ng kaunting dagdag na pera kaysa sa kinikita ko, at malapit lang ako sa bahay. Mayroon ding kabataang pagnanais na lumayo sa bahay at makita ang ibang mukha ng buhay. Hindi man lang sumagi sa isip ko na ipanalangin

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

ng ganoong hakbang o nagtanong man lang sa Panginoon kung ano ang kalooban Niya.

Hindi tapat ang pagpapalit ko ng edad mula 16 tungo sa 18, pero sinabi ko sa sarili ko na para naman iyon sa bayan ko. Sabik na sabik ang mga recruiting officer na mapuno ang kanilang quota, at malaki pa naman ako para sa edad ko. Kaya naging private ako sa Royal Canadian Garrison Artillery at nadestino sa Signal Hill, na tanaw ang Naval Base ng Esquimalt. Dahil regular army kami, binigyan kami ng dress uniform bukod pa sa karaniwang uniporme. Suot ang matingkad kong pulang uniporme, akala ko'y mapapansin ako ng mga dalaga kapag naka-leave ako tuwing Linggo. Ang mga sundalong nagsasanay para sa digmaan ay walang ganoong uniporme, kaya sinasaluduhan nila ang uniporme ko, sa akalang opisyal lang ang maglalakas-loob na magsuot ng ganoong kagarang kasuotan. Pagkalipas ng ilang buwan, na-promote ako bilang lance-corporal at nakuha ko ang una kong guhit. Mas dumagdag iyon sa yabang ko kaysa sa husay ko. Talagang hindi ako maayos sa paglilingkod sa Panginoon at hindi ako mabuting kawal ni Jesu-Cristo. Sa pagbabalik-tanaw, namamangha ako sa Kanyang biyaya – nararapat sana akong patalsikin nang may kahihiyan mula sa Kanyang paglilingkod. Napakadakila ng pagtitiis at pasensya ng ating kahanga-hangang Panginoon at Tagapagligtas, si Jesu-Cristo.

Ang taglamig nang ako'y nasa Signal Hill ay pambihirang tindi para sa Victoria. Karaniwan ay ilang pulgada lang ng niyebe ang bumabagsak sa buong panahon, pero noong taong iyon ay mga tatlong talampakan ang bumagsak sa isang bagyo lang. Nasa bayan ako nang magsimula ito, at hindi nagtagal ay huminto na ang mga streetcar. Kaya kinailangan kong maglakad nang tatlong milya sa isa o dalawang talampakang bagong niyebe. Kinabukasan, ipinatawag ang mga tropa para tumulong maglinis ng niyebe sa mga kalye, pero hindi kasama ang regiment namin. Kilala ang Victoria sa pang-turistang slogan na “Sundan ang mga ibon papuntang Victoria,” dahil sa mga sea gull. Nang taglamig na iyon, gutom ang mga ibon. Ang ilan sa mga kasamahan ko ay nagtali ng tig-isang piraso ng matabang bacon sa magkabilang dulo ng tali, at tuwang-tuwa silang pinanood ang paghihilahan ng mga lumilipad na ibon.

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

May trumpeter kami na tagatugtog ng mga hudyat. Hindi siya kailanman nakauniporme sa oras para tugtugin ang hudyat kalahating oras bago ang parada tuwing umaga, kaya binubuksan na lang niya ang bintana at doon itinataas ang trumpeta para tugtugin iyon. Isang umaga, umakyat sa bubong ang isa sa mga kasamahan namin dala ang isang pitsel ng tubig, at ibinuhos niya ito sa trumpeta mismong pagsisimula ng hudyat. Ang laki ng tawanan nang mamatay ang tugtog sa isang lagukgok at sabog-sabog na tunog!

Lalong dumadalas ang usapan tungkol sa pagpunta sa ibang bansa. May ilang lalaking tumakas para sumama sa mga grupong papunta sa labanan sa Europa. Sa kahangalan ko, pumayag akong sumama sa isa kong kaibigan na umalis nang walang pahintulot. Doon sa Vancouver, nagpalista kami sa isang construction company na papunta sa France. Bumalik pa nga kami sa Victoria para magpaalam sa aming mga pamilya. Pero pagbalik namin sa Vancouver, inaresto kami ng M.P. at ibinalik para sa courtmartial. Hinatulan kami ng 30 araw sa bilangguang militar. Isang gabi roon, dinampot ko ang Biblia at binasa ang Mga Awit 51, at nakaluhod kong ipinagtapat sa Panginoon ang aking kasalanan. Pagkalipas ng isa o dalawang araw, inalok kami ng aming Commanding Officer ng kapatawaran kung magboboluntaryo kami para maglingkod sa ibang bansa kasama ng isang pangkat na ipinadadala mula sa Battery. Paglaya ko, humingi ako ng tawad sa pamilya ko at pumunta rin ako sa ilang matatanda ng kapulungan para magtapat. Isa itong yugto ng kahangalan ng kabataan na gusto ko na sanang kalimutan, pero naaaliw ako na kapag nagpatawad ang Diyos, kinalilimutan na Niya ito. Hindi ko ikinasisiyang isulat ito rito, maliban na lang na itinatanghal nito ang biyaya ng Diyos.

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

KABANATA 4

Paglilingkod sa Unang Digmaang Pandaigdig

"Ano nga ang ibinunga ninyo sa panahong yaon sa mga bagay na ngayo'y ikinahihiya ninyo?" (Mga Taga Roma 6:21)

Napakalinaw ng sagot sa tanong na iyan! WALA! Kung hindi dahil sa kahanga-hangang kabutihan at pag-ibig ng ating mapagbiyayang Panginoon noong panahon ng aking paglilingkod sa militar, mas mabuti pang takpan na lang ng tabing ang mga taong iyon. Isa sa pinakamalungkot na tao sa mundo ay ang mananampalatayang hindi namumuhay para sa Diyos. Wala siyang kagalakan sa kanyang buhay Kristiyano, dahil wala siya sa pakikisama sa kanyang Panginoon kapag siya'y sumusuway. Hindi rin siya pinapayagang lumigaya sa mundo dahil sa kanyang nagkasalang konsensya at sa paggawa ng Espiritu Santo sa kanyang puso. Dahil isa ako sa mahihina at malulungkot na Kristiyanong iyon, marami akong ginawang bagay na lubos kong ikinahihiya ngayon.

Pagkalipas ng ilang taon, nang ako'y buong-biyayang ibinalik ng Panginoon sa Kanyang sarili, nakatagpo ako ng malaking aliw sa hula ni Joel. Bagaman ang pakahulugan nito ay tungkol sa Israel, may aplikasyon itong maaari kong angkinin, at inangkin ko nga. "At aking isasauli sa inyo ang mga taon na kinain ng balang" (Joel 2:25). Ikinukuwento ng naunang kabanata ang pinsala at pagkawasak na dulot ng salot na mga balang. Mas mabuti sana kung wala na lang naging balang sa simula pa lang. Pero ang Diyos ng lahat ng biyaya ay nagsauli ng kinain ng mga balang. Kahit tiyak ako sa aking kaligtasan, mahina akong mananampalataya, napakahina na hindi alam ng mga nasa paligid ko na mananampalataya pala ako.

Nagpasya ang mga awtoridad ng militar na bumuo ng isang battery ng artilerya mula sa Royal Canadian Garrison Artillery. Kaya isa ako sa mga pangkat mula sa West Coast. Isang paglalakbay na 3000 milya ang nagdala sa amin patawid ng Canada, mula sa Pacific sa Kanluran hanggang sa Atlantic sa Silangan. Sa Halifax, Nova Scotia, sumama kami sa mga pangkat mula sa iba pang yunit at nadestino kami sa Citadel. Isa itong lumang kuta sa tuktok ng burol na tanaw ang lungsod at ang Bay of Halifax. Ang isa sa mga kabarkada ko ay may kapatid na nasa Navy, na

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

siyang may hawak ng isang launch doon. Minsan o dalawang beses, sumakay kami sa launch para mamasyal sa paligid ng daungan. Maluwang ang daungang iyon; ang totoo, dalawang daungan ito na pinagdurugtong

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

ng isang makitid na daanan ng tubig. Makalipas ang ilang buwan, habang nasa France kami, isang barkong may kargang bala ang bumangga sa isa pang barko sa daanang iyon. Ang naging pagsabog ay sumira sa malaking bahagi ng lungsod.

Isang gabi habang naroon kami, ipinatawag kami para apulahin ang sunog sa mga pantalan. Nagmamadali kaming bumaba ng burol, dumaan sa bayan hanggang sa mga pantalan. May barkong nasusunog, pero wala kaming magawa dahil wala kaming kagamitang pamatay-sunog. May isang lalaking na-trap at sinubukang lumusot sa isang porthole. Namatay siya bago pa nakapagdala ng torch para palakihin ang butas. Madalas kong naitanong sa sarili kung bakit hindi ginagawang mas malaki nang kaunti ang mga porthole ng barko.

Sapilitan ang church parade tuwing Linggo ng umaga. Iminungkahi ng aming koronel na ang buong battery ay magmartsa sa ibang simbahan bawat Linggo, sa halip na maghiwa-hiwalay kami sa maliliit na grupo papunta sa simbahang gusto namin. Dahil wala akong alam na kapulungan sa Halifax, sumama na lang ako. Naging biruan na namin na pagkatapos batiin ng pastor ang battery noong umagang iyon, iaanunsyo niya, “Tayo ngayon ay mangongolekta ng handog.”

Isang malaking asong Newfoundland ang aming mascot. Nagmartsa siya kasama namin sa pantalan nang sumakay kami para tumawid ng Atlantic, pero hindi siya pinayagang sumakay. Pero ayaw magpaiwan ng aso. Pagsapit ng hatinggabi, nang tahimik na ang lahat, umakyat siya sa gangplank. Hindi kayang pigilan ng nag-iisang bantay ang ganoon kalaking aso, kaya nakapuslit siya. Nakalabas siya sa quarantine sa England sakto sa oras para muling sumama sa battery nang tumawid ito papuntang France. Nawala ang mascot nang una kaming sumabak sa labanan, at may mga balita kaming narinig na may nakitang malaking aso sa mga front line.

Sa timog ng England, inilipat kami sa iba't ibang kampo para sa iba't ibang yugto ng aming pagsasanay. Paminsan-minsan ay nakakakuha ako ng weekend leave at nakakadalaw sa kapatid kong lalaki at sa kanyang asawa, at sa ilan sa mga dati naming kaibigan. Sa kasagsagan ng taglamig,

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

nasa Lydd kami, isang malamig at mapanglaw na lugar sa baybaying timog. Doon kami sinanay sa paggawa ng puwesto ng mga kanyon. Isang gabi, habang may niyebe sa lupa, sinubukan kong talunin ang akala ko'y makitid na sapa. Habang nasa ere pa ako, saka ko napagtantong mas malapad pala ito kaysa inakala ko! Lumusot ako sa yelo hanggang balakang sa malamig na tubig! Nakakapigil-hiningang tuklas! Pero may kapalit naman—pinabalik ako sa barracks para humigop ng mainit na sabaw at magpalit ng tuyong damit, at hindi na ako pinagtrabaho pa.

Sa huli naming kampo sa Salisbury Plains, binigyan kami ng aming mga kanyon—mga six-inch (155m) howitzer—at iba pang kagamitan, kasama ang mga bakal na helmet na sinimulang gamitin noong nakaraang taon. May isang lalaking pumasok sa barracks nang suot ang kanyang helmet. Sa likod ng pinto ay may isa pang sundalo na may hawak na walis, at ibinagsak niya ito sa bakal na helmet nang ubod-lakas. Muntik na niyang mapatumba ang lalaki, pero nagmakaawa siya, “Gusto ko lang namang malaman kung gaano katibay ang mga iyan!”

Isang magdamag na biyahe sa isang mabahong cargo ship ang nagdala sa amin mula Southampton hanggang Le Havre sa France. Sa nakaraang biyahe nito, mga kabayo at mola ang karga nito, na madalas gamitin sa pagdadala ng mga suplay sa front line. Mukhang walang nag-abalang maglinis pagkatapos. Pagkatapos ng maikling panahon sa Le Havre, naglakbay kami pahilaga sakay ng mga box car papunta sa labanan. Nailagay ang aming mga kanyon sakto sa oras para sa pambungad na barrage ng labanan sa Vimy Ridge noong Linggo ng Pagkabuhay, 1917. Dahil malayo kami sa likuran (bagay lang sa mga baguhang tulad namin), agad na naitulak ang mga German lampas sa abot ng aming mga kanyon. Tanaw mula sa Vimy Ridge ang distrito ng minahan ng uling sa Lens at ang kapatagan ng Douai. Sa maaliwalas na araw ay makikita ang Douai, ang lugar kung saan inilathala ang bersyong Romano Katoliko ng Biblia noong 1609 A.D. Mabilis na nalinis ng Canadian infantry ang ridge mula sa mga German at sumulong sila sa kapatagan sa kabila. Malamang ay nalampasan sana nila ang mga linya ng German at nakarating sa Douai, pero hindi handa ang mga heneral sa digmaang mabilis ang galaw. Para sa kanila, ang digmaan ay nakapirmi, mga hukbong magkaharap sa mga

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

trench. Hindi nagtagal ay nagsidatingan na sa nayong kinaroroonan namin ang mga sugatang nakakalakad pa. Mula sa isa sa kanila, nalaman kong napatay ang kaibigan kong si Frank Maynard sa pagsalakay noong umagang iyon. Malaking dagok iyon sa akin dahil umaasa pa naman akong makikita ko siya ulit sa lalong madaling panahon.

Noong tag-init ng 1917, marami kaming naranasang labanan dahil nasa isang nayon kami sa hilagang dulo ng Vimy Ridge. Mga eroplanong German na nagpapabagsak sa aming observation balloon, isang sirang eroplano na halos sumayad sa ulo namin bago bumagsak, mga labanan sa himpapawid habang nagpapaikot-ikot at nagpapasirko ang mga eroplano. Isang araw, may nakita kaming pulang eroplano na hinala namin ay ang tanyag na German ace na tinaguriang Red Dragon, si Baron von Richtofen. Kapag nakikita ko ang mga makabagong eroplano natin ngayon, napapaisip ako kung paano hindi nagkalasog-lasog ang mga sasakyang pinalipad nila noon.

Bilang signaler, ang trabaho ko ay kadalasang pag-aayos at pagkakabit ng mga linya sa pagitan ng mga kanyon at ng headquarters. Sa loob ng dalawang taon ng labanan, ni minsan ay hindi ako nagpaputok ng anumang uri ng baril. Ang tirahan namin ay nasa silong ng isang gibang bahay. Isang araw, sa katabing nayon, may nakita kaming kalan na inalis sa isang bahay at mukhang nakalaan para sa mess ng isang opisyal. Nang gabing iyon, “nakuha” namin ito para sa sarili naming gamit. Isang gabi, habang nagbabasa ako sa liwanag ng isang lamparang de-gas, natabig ito ng kasama ko. Napatayo ako para paluin ang apoy mula sa gaas na tumapon sa higaan ko. Humagalpak ng tawa ang kasama ko at sinabi, “Tingnan mo ang buhok mo!” Hindi ko makita ang buhok ko, pero kinuskos ko ito nang malakas ng kamay ko para patayin ang apoy na sumisirit mula sa buhok ko. Napakanakakatawang tanawin daw iyon para sa kanya! Mabuti na lang at walang naging pinsala maliban sa libreng pagkasunog ng dulo ng buhok; ang gaas lang ang nasunog. Nakaganti rin ako sa kanya pagkaraan. Isang araw sinabi niya, “May naaamoy akong nasusunog.” Natatawa kong sagot, “Oo, ang bigote mo.” Inuubos niya ang sigarilyo niya hanggang sa napakaikling upos na kaya nasusunog na ang kanyang bigote.

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

Di nagtagal pagdating namin sa nayong iyon, ako ang nakatoka nang tanghaling iyon na kumuha ng aming pagkain sa kusina. Nasa isang gibang bahay ang mga kusinero. Dahil abala ako sa isang trabaho, nag-alok ang isa sa mga kaibigan ko mula Victoria na siya na ang pupunta kapalit ko. Mukhang matagal nang binabantayan ng mga German ang mga lalaking nagtitipon sa lugar na iyon. Noong araw na iyon, isang bomba ang tumama sa kusina at pumatay sa pito sa mga kasamahan namin, kasama ang kaibigan ko. Isa pang taga-Victoria ang naputulan ng binti noon. Napagtanto kong iniingatan ako ng Diyos, kahit hindi ko iyon karapat-dapat.

Noong hapon ding iyon, kaming dalawang signaler ay inutusang samahan ang isang tenyente papunta sa isang forward observation post. Ang daang kailangan naming tahakin ay isa sa matitigas na batong-bilog na daan ng France, at bawat minuto ay may bombang ibinabagsak doon ang mga German. Ang aming tenyente ay mukhang hindi man lang naisip na lumihis ng daan. Sinimulan naming tahakin ang daang iyon. May bumagsak na bomba, at habang lumilipad sa itaas namin ang mga piraso nito, tumakbo kami nang buong bilis kahit puno kami ng kagamitan. Tapos ang sipol ng isa pang paparating na bomba! Tumalon kami sa isang trench sa tabi ng daan nang sapat lang para makaiwas sa mga piraso nito. Tapos tayo ulit at takbo na naman. Bihasang-bihasa kami sa pagtantya ng laki at halos kung saan babagsak ang isang bomba batay sa tunog nito. Ang mabagal na ugong ay puwedeng balewalain, pero hindi ang biglang dagundong. Ang problema, habang palapit ang bomba, paikli nang paikli ang babala.

Isang gabi ng Setyembre, binomba ng mga German ang nayon ng maliliit na bomba. Tinawag namin silang “whiz-bang” dahil may whiz muna, saka bang. Kasama rito ang ilang gas shell. Lumulubog ang gas sa mababababang lugar kaya iniiwasan namin ang mga kanal at mga butas na gawa ng bomba. May mga gas mask kami na bihira naming gamitin. Hindi kami makapag-usap dahil sa mouthpiece, at ang salamin sa mata ay gawa sa mica na lumalabo. (Hindi pa naiimbento noon ang malinaw na plastik.) Maraming linya namin ang naputol, kaya buong magdamag kaming nasa labas para ayusin ang mga linya ng komunikasyon.

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

Pagliwanag, tumigil ang pambobomba at napakagandang umaga iyon, maaraw at maaliwalas. Bago magpahinga, nagboluntaryo kami ni Martin na pumunta sa kusina para sa rasyon namin sa araw na iyon. Pabalik sa aming tinutuluyan, papalapit na kami sa pangunahing sangandaan ng nayon. Narinig namin ang tili ng isang malaking bombang mabilis at malapit na paparating! Dumapa ako at sumubsob sa daan habang bumagsak ang bomba at nagliparan ang mga piraso nito. Pagkaraan, natuklasan kong may maliit na pirasong singlaki ng hating gisantes na tumagos sa leather patch ng aking riding breeches at bahagya lang na gumasgas sa balat ko. Nakahinga ako nang maluwag na hindi ako tinamaan, kaya tumayo ako at tinawag si Martin para tumuloy na kami. Nakadapa siya sa daan at hindi gumagalaw. Itinihaya ko siya—isang piraso ang bumaon sa kanyang dibdib. Basang-basa na ng dugo ang uniporme niya. Nagmadali akong humingi ng tulong pero alam kong wala na itong silbi. Fatalista siya at mapangahas, kaya duda ako kung sinubukan man lang niyang dumapa. Matagal-tagal na wasak ang nerbiyos ko. Muli, buong-biyaya akong iniligtas ng Panginoon. Pero hindi pa rin ako nagbago. Kakatwa pero totoo, na madalas ay ang takot sa tao ang may mas matibay na hawak sa atin kaysa sa takot sa Diyos.

Di nagtagal pagkatapos ng pangyayaring iyon, inilipat kami pahilaga sa lungsod ng katedral na Ypres sa Belgium. Guho ang katedral at ang malaking bahagi ng bayan. Tumuloy kami sa mga silong ng mga gibang bahay. Ang mga kanyon namin ay nasa mga limang milya palabas ng lungsod, papunta sa Passchendale Ridge na sinisikap agawin ng aming hukbo mula sa mga German. Tuwing makalawang umaga ay naglalakad kami papunta sa puwesto ng aming battery para sa 24 na oras na duty; dinadaanan namin ang mga lugar na dating may mga nayon pero wala nang natirang kahit isang laryo. Sa labas ng pangunahing daan, puro putik na lang, hanggang tuhod at hanggang hita. May kapalit naman ang putik dahil nilulunod nito ang mga piraso ng sumasabog na bomba.

Noong panahong iyon, kapareha ko ang isang tipikal na beteranong sundalo na laging nagrereklamo at nagmamaktol sa lahat ng bagay. Gayunman, mukhang magkasundo naman kami. Isang araw, pinapunta kami para tingnan ang mga koneksyon ng telepono na nakakabit sa isang

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

lumang puwesto ng kanyon ng German. Nakaharap sa linya ng German ang pintuan, at ang pinto ay isang basang kumot na babad sa putik. Nakapagpasalamat ka na ba sa Diyos dahil sa isang basang kumot? Kapapasok ko lang at sinisikap kong masanay sa liwanag ng kandila sa loob nang sumabog ang isang bombang German sa labas mismo ng pinto. Napigilan ng kumot ang mga piraso pero namatay ang lahat ng kandila. Nayanig ako, at minumura ako ng mga kasamahan sa loob dahil ako raw ang nag-akit sa bombang iyon. Paano si Brown na nasa likod ko lang? Tinawag ko siya. Sumigaw siya pabalik, "Tinamaan ako!" Nagmadali akong lumabas—tumilapon siya nang 20 talampakan sa kabilang panig ng puwesto. Kinakapa niya ang sarili para malaman kung saan siya tinamaan. Ang totoo, hindi pala siya tinamaan, pero nayanig siya nang husto at doon na natapos ang duty namin sa araw na iyon.

Nakuha ng Canadian infantry ang ridge kapalit ng maraming buhay. Pinaalis kami sa labanan para magpahinga nang Pasko. Dinalaw kami ng Canadian Commander na si General Currie sa bukid na pinagpapahingahan namin. Bago ang digmaan, may-ari siya ng isang real estate agency sa Victoria, at madalas akong maghatid ng mga pakete sa bahay niya. Sa kanyang talumpati, sinabi niya na ang pagkakuha sa Ridge ay nagbigay sa amin ng tuntungan para sa opensiba sa tagsibol. Pero noong tagsibol ng 1918, ang mga German ang umatake at itinaboy ang aming mga tropa mula sa Ridge pabalik hanggang halos sa Ypres.

Noong panahong iyon, nakapuwesto kami sa katimugang dulo ng Vimy Ridge. Wala kaming natatanggap na balita, pero alam namin, sa pagmamasid sa puwesto ng mga observation balloon, na sumusulong ang mga German sa hilaga at timog namin. Nasa isang mapanganib na salient kami, isang nakausling bahagi ng linya. Kabado ang aming mga opisyal dahil alam nilang mahihirapan kaming umatras. Ang code word ay "Ottawa." Ibig sabihin noon, pasabugin ang mga kanyon at tumakas sa abot ng makakaya. Mabuti na lang at hindi namin kinailangang tumakbo. Sa pagdating ng mga Amerikanong pandagdag na hukbo sa Western Front, napigilan at napaatras ang pagsalakay ng mga German.

Noong tag-init at taglagas na iyon, wala na kami sa trench warfare at

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

mas palagian na kaming lumilipat dahil itinataboy na pabalik ang mga German. Halos hindi pa kami nakakapuwesto ay may utos na namang lumipat. Sumusulong kami sa mga lugar na hindi gaanong nasira. Humihinto kami sa mga nayong kalilikas lang ng mga naninirahan. Ang panganib dito ay ang mga booby trap na iniwan ng kaaway. May sundalong pumasok sa isang bahay na may piano; nang tipahin niya ang mga tiklado, sumabog ito. Sa pagsulong na iyon, nakaengkuwentro kami ng kaunting lasong gas pero halos kalat na ito. Maliban sa nagluluhang mata at sipon, mukhang hindi naman kami gaanong naapektuhan. Dahil ayokong isiping nagdadahilan lang ako para makaiwas sa trabaho, hindi ko na iyon ini-report. Pagkaraan, napagtanto kong makakatulong sana kung may sick call ako sa aking rekord. May mga naging bunga rin ito sa akin pagkatapos kong ma-discharge.

Isang gabi, nakapatay ng kuneho ang isa sa mga kasamahan namin sa isang suwerteng bato. Namitas kami ng ilang gulay sa hardin ng isang Pranses at nagluto ng masarap na nilagang kuneho, isang malugod na pagbabago mula sa bully (corned) beef at matigas na biskwit. Saka dumating noong Nobyembre ang masayang balita ng isang armistice. Hawak ko pa rin hanggang ngayon ang isang message form na dumating sa aming battery, "Titigil ang labanan sa ganap na ikalabing-isang oras sa Nobyembre 11… hindi magkakaroon ng anumang uri ng pakikipag-ugnayan sa kaaway." Sa isang nayon sa Belgium, sa ikalabing-isang oras ng ikalabing-isang araw ng ikalabing-isang buwan, nagyakapan kami at nagsaya na sa wakas ay tapos na ang labanan. Kung minsan ay parang hindi na ito matatapos kailanman! Lumipat kami sa isang bayan malapit sa Mons at ilang buwan kami roon. Dito unang hinarap ng mga British na "Ol' Contemptibles" ang mga German noong 1914.

Ang ilan sa amin ay nakakuha ng pass para dumalaw sa Brussels, sampung araw lang matapos lisanin ng mga German ang lungsod na iyon. Nagpakasasa kami sa isang mamahaling kainan sa isang hotel sa pangunahing plaza. Papunta roon, dumaan kami sa Waterloo, paalala ng isang mas naunang digmaan. Nagbukas ang hukbo ng ilang praktikal na kurso na makakatulong sa pagbabalik namin sa buhay sibilyan. Noong unang bahagi ng 1919, kumuha ako ng pass para dalawin ang kapatid ko sa

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

England. Pagbalik ko, dumaan ako sa Folkestone para sumakay ng bangka patawid ng Channel. May ilang Canadian na nagpoprotesta, humihingi ng agarang pag-uwi sa Canada. Dahil sa pagkaantala, nagkaroon ako ng pagkakataong dalawin ang aking tiyuhin at tiyahin doon. Pagdating ko sa France, naantala na naman ako sa isang base camp, pero sa wakas ay nakasakay rin ako sa isang tren, sa isang bagon ng kargamento. Papunta ito sa Cologne, Germany, at natukso akong sumama hanggang doon. Pero dahil AWOL na rin ako, nagpasya akong bumaba malapit sa Mons. Natakot ako na kung matagal akong mawawala, baka maantala ang pag-uwi ko sa Canada.

Noong tagsibol, inilipat kami sa isang kampo sa North Wales para hintayin ang aming pag-alis papuntang Canada. Sa simula ng Mayo, sumakay kami sa S.S. Mauritania sa Southampton. Nagbunga ang pagkakaroon ng apelyidong nagsisimula sa “B”—binigyan ako ng cabin, sa halip na duyan sa kailaliman ng barko. Ang Mauritania ay kapatid na barko ng sawimpalad na Lusitania na pinalubog ng mga German noong maagang bahagi ng digmaan. Sa loob ng maraming taon, ito ang pinakamabilis na barkong tumatawid ng Atlantic. Hindi naiba ang aming biyahe. Umalis kami sa Southampton nang Linggo ng gabi at dumating sa Halifax nang maaga ng Biyernes. Walang naging aberya sa pagbaba. Ang mga papunta sa West Coast ang unang bumaba, diretso sa naghihintay na tren. Libu-libong lalaki ang nakababa sa barko nang umagang iyon, at pagsapit ng tanghali ay umalis na ito papuntang New York para sa pabalik na biyahe.

Sa maraming bayan sa 3000 milyang paglalakbay na iyon, sinalubong ng masasayang tao ang mga umuuwing beterano. Sa huling bahagi lang ng biyahe nagkagulo-gulo ang mga awtoridad. Kinailangan pa naming danasin ang isa pang “hurry up and wait” ng army—magmadali tapos maghintay. Mula Vancouver hanggang Victoria, umupa sila ng mabagal na barko, gayong madali naman sana kaming makakasakay sa regular na araw-araw na biyahe.

Ang inner harbor ng Victoria ay isa sa pinakamagagandang daungan sa buong mundo. Hindi ito kailanman naging mas maganda kaysa noong

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

gabing iyon ng Mayo, habang siksikan kami sa harapang bahagi ng barko. Paglapit ng barko sa pantalan, nasa harapan mismo ang magandang Empress Hotel, balot ng baging at napapaligiran ng damuhan. Sa kanan ay ang marangal na Government Buildings, may maayos na damuhan at magagandang halamanan ng bulaklak. Pero ang pinakamagandang tanawin sa lahat ay ang mga mahal sa buhay na naghihintay sa pantalan at kumakaway nang todo nang matanaw nila kami. Nakauwi na, ligtas at buo! “Datapuwa't kung saan nanagana ang kasalanan, ay nanaganang lubha ang biyaya.” Tunay na dahil lamang sa nag-uumapaw na biyaya kaya ako nakabalik mula sa mga lagim ng digmaan.

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

KABANATA 5

Ang Tawag sa Larangan ng Misyon

"Aking ipaaalam sa iyo at ituturo sa iyo ang daan na iyong lalakaran: papayuhan kita na ang aking mga mata, ay nakatitig sa iyo." (Mga Awit 32:8)

Sa mga buwan bago ako umuwi, hinarap ko na kailangan kong baguhin ang paraan ng aking pamumuhay. Ang paglabas sa army at paglayo sa buhay-sundalo ay mukhang magandang panahon para ituwid ang buhay ko sa harap ng Panginoon. Pagod na rin ako sa paraan ng pamumuhay ko, pagod na sa pagtrato sa Panginoon nang napakasama sa kabila ng lahat ng Kanyang kahanga-hangang biyaya sa pag-iingat sa akin sa loob ng mga taon ng labanan. Pagkatapos ng armistice, tinigilan ko na ang sigarilyo at lumipat sa pipa. Kahit noon pa man, matagal bago pa ang babala tungkol sa kanser sa baga, tinatawag nang "pako ng kabaong" ang sigarilyo. Habang tumatawid ng Atlantic, itinapon ko sa dagat ang pipa at tabako. Nalinis ko na ang buhay ko, pero hindi pa ako talagang nagbabasa ng Salita.

Di nagtagal pagdating ko sa bahay, inanyayahan ako ni Brother Fisher na manatili muna nang ilang panahon kasama niya sa Deep Bay. Kapatid siya ng isa sa mga unang misyonero sa lugar na ngayon ay Zambia. May ilang ektaryang lupa si Mr. Fisher sa tabing-dagat kung saan nagtatanim siya ng asparagus at black currant para madagdagan ang kanyang pensyon. Ang pagtatrabaho sa hardin at pangingisda ay nakapagpapahingang pagbabago mula sa mga karanasan sa digmaan. Binigyan niya ako ng Scofield Bible, na nakatulong nang simulan ko ang ugali ng araw-araw na pagbabasa ng Kasulatan.

Di rin nagtagal pagbalik ko, inanunsyo na si C.A. Swan ay magkakaroon ng tatlong pulong sa Victoria Hall sa sentro ng Victoria. Bilang isa sa mga naunang misyonero sa Central Africa, marami siyang kapana-panabik na kuwento. Una siyang pumunta sa Africa noong 1887. Noong 1904, dahil sa kalusugan, pumunta siya sa Portugal, at noong digmaan ay naglingkod siya kasama ng mga sundalong Portuges sa France. Interesado ako rito dahil may panahong may ilang Portuges na nakatalaga sa aming battery sa France. Noong bata pa ako, sabik na sabik akong makinig sa mga misyonero, lalo na sa mga galing Africa; pero sa

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

pagkakataong ito, pumunta ako dahil higit sa lahat ay sa kuryosidad, hindi man lang inaakala ang magiging epekto ng mga pulong na iyon sa sarili kong buhay.

Tandang-tanda ko pa kung saan ako nakaupo noong ikatlong pulong.

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

Bago siya nagsalita, nanalangin muna si G. Swan. Ipinanalangin niya ang mga naulila dahil sa digmaan—ang mga babaeng hindi na makikitang muli ang kanilang mga asawa at anak na lalaki. Mahigit 60,000 Canadian ang namatay sa Unang Digmaang Pandaigdig. Pagkatapos ay nagpasalamat siya sa Diyos para sa mga nakauwi at sinabi, "Panginoon, ipakita Mo sa kanila kung para saan Mo sila iniligtas!" Wala na akong maalala kung ano pa ang ipinanalangin niya o kung gaano katagal siyang nanalangin. Sa akin, sinagot agad ang hiling niyang iyon. Nagsalita sa akin ang Panginoon. Hindi iyon tinig na naririnig ng tainga; walang ibang nakarinig. Pero kasing-totoo iyon sa akin ng tinig ng mangangaral. "Iniligtas kita para pumunta ka sa misyon!" Nangatwiran pa ako sa Panginoon, kahangalan—lagi namang sayang ang ganoong pagsisikap. "Pero, Panginoon, kauuwi ko lang matapos ang tatlong taong pagkawala. Ayaw ko pang umalis agad. May balo akong ina at kailangan kong manatili rito, magtayo ng bahay, at buhayin siya." Narinig kong muli ang Kanyang tinig, "Iniwan mo ang tahanan mo para sa hari at sa bayan, hindi mo ba kayang iwan ito para sa Akin? Hindi ka ba naniniwalang kaya Kong alagaan ang iyong ina?" Ano pa ang silbi ng pakikipagtalo sa Kanya na may sagot sa lahat ng bagay? Bago pa natapos ni G. Swan ang kanyang panalangin, nanalangin na rin ako, "Sige po, Panginoon, kung iyan ang gusto Ninyo, handa po ako."

Ang Diyos ay Diyos na walang hanggan ang pagkasari-sari, at iba-iba ang paraan Niya ng pagtawag sa Kanyang mga lingkod. Hindi madalas na ganoon Siya kadiretsong magsalita, pero nagpapasalamat ako sa Kanya sa malinaw na tawag na iyon. Noong una naming furlough, nakita kong muli si Kapatid na Swan sa Victoria at ikinuwento ko sa kanya kung paanong sinagot agad ng Diyos ang panalangin niya noong gabing iyon.

Isa sa mga dapat unahin bago pumunta sa misyon ay ang pagtatayo ng bahay para sa aking Ina at sa kapatid kong si Florrie. Nakabili kami ng dalawang lote na hugis-L na nakapalibot sa bahay ng ate kong si Ethel. Isa sa mga naging trabaho ko ay sa isang kapatid sa pananampalataya na isang builder. Sa bakanteng oras ko, giniba ko ang isang maliit na bahay sa mga loteng nabili namin. Sa tulong ng kaibigan naming builder, gumawa kami ng plano at sinimulan ang pagtatayo ng bahay. Malaki ang naging usad nito noong tag-araw ng 1919. Maraming gabi na dumarating ang mga kabataang lalaki mula sa kapulungan para tumulong sa pagtatayo.

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

Nakatagpo ako ng bagong kagalakan sa paglakad kasama ng Panginoon at sa pagkain ng Kanyang salita, at sa pagkaunawa sa Kanyang biyaya sa pagtawag sa akin para maging misyonero. Madalas akong kumakanta habang nagtatrabaho. Isang araw, nasa bubong ako at naglalagay ng shingles, kumakanta ako, at bigla kong napansin na ang kinanta ko pala ay, "Balang araw ang bahay na ito sa lupa ay babagsak." Natawa ako. Sa pagkaalam ko, nakatayo pa rin ang bahay na iyon hanggang ngayon, mahigit animnapung taon na ang lumipas. Nang pumanaw si Ina, ipinagbili nina Ethel at Richard ang bahay nila at lumipat sa bahay na iyon, at nang tawagin na pauwi sa Panginoon si Ethel, ipinagbili na rin ito.

Nag-aalok noon ang gobyerno ng Canada ng pagkakataong makapag-aral ang mga beterano, lalo na ang mga tulad kong nagpalista noong tinedyer pa. Nagpasa ako ng aplikasyon para sa Bible Institute of Los Angeles, pero tinanggihan ito dahil wala ito sa Canada. Noon, wala akong alam na Bible school sa Canada, bagaman mayroon pala sa Vancouver. Kaya nag-apply na lang ako sa isang kursong pangkomersiyo sa isang business college sa Victoria.

Buong taglagas at simula ng taglamig, sobrang sipag ko—nag-aaral sa araw at nagtatrabaho sa bahay sa gabi, maliban kung may pulong nang gabing iyon. Nagdaos si Dr. Harris Gregg ng serye ng mga lektyur sa Biblia, na dinaluhan ko tuwing tanghali at gabi. Malaking pagpapala ang mga ito sa buhay espirituwal ko, pero unti-unti nang nararamdaman ng katawan ko ang bigat ng ganoong takbo.

Noong unang bahagi ng Enero 1920, sobrang lamig ng panahon. Nagbibihis ako isang umaga nang makita kong may apoy na nakaaninag sa salamin. Tumakbo ako palabas at nakita kong nasusunog ang bahay ng isang kapitbahay, kaya nagmadali akong pumunta para tumulong. Palabas na ang may-ari mula sa silong at sinabi niyang walang tao sa loob ng bahay. Titingnan ko sana kung may maililigtas pa sa mga gamit niya, pero bumagsak na ang bubong at wala na kaming nagawa.

Hindi nagtagal, nagkaroon ako ng bronchitis na nauwi sa pulmonya at pleurisy. Nang ipasok ako sa Jubilee Hospital, hindi ko alam kung gaano kalala ang kalagayan ko. Ang tanging naiisip ko ay ang parang saksak na sakit sa tadyang ko sa bawat hinga. Bandang alas-onse ng gabing iyon,

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

dumating ang chaplain ng mga beterano para ipanalangin ako. Nagtaka ako kung bakit siya dumating sa ganoong oras. Pinahalagahan ko ang malasakit niya, bagaman sa palagay ko ay hindi pa siya ligtas.

Nang gabing iyon, nakatakdang magbigay ng Bible study sa Oaklands Chapel ang isang negosyante mula sa India. Bago siya nagsalita, ipinaalam sa lahat na malubha ang sakit ko sa ospital at sa tingin ng doktor ay hindi na ako aabot ng umaga. Nalaman ko lang iyon pagkatapos. Iminungkahi ng panauhing tagapagsalita na sa halip na Bible study, ilaan na lang nila ang oras sa pananalangin. "Datapuwa't ang iglesia ay maningas na dumalangin sa Dios patungkol sa kaniya." (Mga Gawa 12:5). "At ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit" (Santiago 5:15). Hindi ibig sabihin noon na biglaan ang paggaling—sa kaso ko, mahabang proseso iyon.

Sinubukan ng doktor na higupin ang tubig sa pleural cavity sa pamamagitan ng karayom. Hindi ito nagtagumpay dahil naging nana na ang likido. Kinailangan kong operahan—hihiwain sa pagitan ng mga tadyang para malagyan ng tubong padaluyan. Dinalaw ako ni Ina bago ako ipasok sa operating room at sinabi, "Kung may mangyari man, ayos lang, hindi ba?" "Siyempre po," sagot ko, "pero walang mangyayari. Pupunta ako sa misyon at bahagi lang ito ng paghahanda." Si Dr. Wace, isa sa pinakamahuhusay na siruhano sa Canada, ang nag-opera, pero hindi sa kanya nakasandal ang tiwala ko kundi sa Panginoon.

Paggising ko mula sa ether (napakasamang amoy!) masayang bumati sa akin ang head nurse sa ward, si Miss Harman. Masigasig siyang Kristiyano; naging misyonero siya kalaunan sa Congo at pinatay bilang martir sa rebelyon doon. Ibang-iba naman ang Matron ng ospital. Takot na takot sa kanya ang mga nurse kapag naririnig nilang nagwawala siya sa mga pasilyo ng ospital. Dinalhan ako ni Ina ng ilang violet, ang tanging bulaklak sa hardin. Sobrang liit ng mga ito para sa kahit anong plorera kaya inilagay ng nurse sa isang maliit na pinggan. Pumasok sa kuwarto si Miss McKenzie, nakita ang mga violet, at padabog na kinuha ang mga ito habang sinasabi, "Violet sa lalagyan ko ng asin!" Mahina man ako, hindi ko napigilang tumawa, bagaman walang nakitang nakakatawa ang nurse.

Ang kasama ko sa kuwarto ay si G. Enoch na taga-Ladysmith. Hindi

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

siya katulad ng kapangalan niya sa Biblia dahil hindi siya mananampalataya. Maraming pagkakataon kami ng mga dumadalaw sa akin na magpatotoo sa kanya tungkol sa Tagapagligtas. Mukhang malapit na siyang magpasya, pero isang araw ay sinabi niya, "Wala akong ganyang klase ng pananampalataya." Sagot ko, "Ano sa tingin mo ang pananampalataya, isang bagay na may 57 klase?" Hindi ang klase o dami ng pananampalataya mo ang mahalaga—ang talagang mahalaga ay kung kanino nakatuon ang ating pananampalataya. Nang lumabas siya ng ospital, hindi pa rin niya inilalagay ang kanyang pananampalataya kay Cristo.

Makalipas ang dalawa o tatlong buwan, naipon na naman ang nana kaya nag-iskedyul ng isa pang operasyon. Si Dr. Russell Robertson ang gumawa nito, isa ring napakahusay na siruhano. Matangkad siya at kagalang-galang, at matalas ang mga mata. Tatayo siya sa paanan ng kama ng pasyente, babasahin ang chart, at titingnan ang pasyente. Sabi ng ilan, hindi na niya kailangan ng X-ray dahil kaya ka niyang tingnan nang tagusan. Ang doktor na humahawak sa kaso ko ay si Dr. Baillie, at naging magaan ang samahan namin.

Nang tag-araw na iyon, inilipat ako sa ospital-militar sa Esquimalt, na tanaw ang daungan. Mas maganda ang paligid doon pero malayo ang biyahe ng mga dumadalaw sa akin. Ibang-iba ang Matron doon. Mahigpit siya sa disiplina pero hindi kailanman nagtaas ng boses at hindi kailanman pinagsabihan ang isang nurse sa harap ng mga pasyente. Isa siyang ginang na nakuha ang paggalang nila dahil sa pagiging patas niya.

Doon natuklasan na naapektuhan pala ang mga bato ko at may nephritis ako. Ibig sabihin noon ay paliligo nang nakaupo sa batya at limitadong pagkain. Panahon noon ng strawberry at hindi ako tumutol sa isang mangkok ng strawberry bawat kain. Nireseta ng doktor ang isang bote ng Guinness Stout araw-araw bilang pampalakas. Hindi ako tumutol dahil sa konsiyensiya dahil gamot naman ang turing dito, pero ayaw ko talaga ng lasa nito. Lahat ng ibang pasyente ay gusto rin ng ganoong reseta!

Isa sa mga orderly doon ay isang maliit pero matipunong lalaki na mahahaba ang braso. Tarzan ang tawag sa kanya ng mga kasama. Higit sa isang mesita sa tabi ng kama ang nasira niya dahil hindi madaling iayos

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

ang mga ito. Ang nurse noon ay isang dalagang pambihira ang laki, halos anim na talampakan ang taas at maganda ang hubog. Isang gabi, dinala ni Tarzan ang mga tray ng hapunan nang walang panghimagas, na nilagang aprikot. Inutusan siya ng nurse na ilabas ang mga tray at lagyan ng panghimagas sa kusina ng ward. Para kay Tarzan, mas madaling dalhin na lang ang malaking mangkok ng aprikot at isandok ang mga ito sa mga tray. Naging labanan iyon ng kani-kanilang kagustuhan. Inutusan siya ng nurse na ilabas ang mga tray. Nagbanta siyang ibabato sa nurse ang mga aprikot. Nasa nurse ang awtoridad pero nasa kanya ang lakas! Inihagis niya ang buong mangkok ng aprikot, at sapol ang nurse. Puno ng aprikot ang nurse mula sa kanyang cap hanggang sa buong uniporme. Tumakbo siya palabas na umiiyak para magpalit. Dali-daling umalis si Tarzan habang sinisigawan ng mga galit na pasyente. Hindi na siya bumalik!

Noong Oktubre, mabait na nag-ayos ang Matron ng ambulansiya para maihatid ako at makasama ang pamilya ko nang isang araw. Isang kabutihang lubos naming pinasalamatan. Bandang katapusan ng Nobyembre, pinalabas na ako sa ospital—halos buong taon akong naroon. Tinanggihan ang aplikasyon ko para sa isang bagong kurso dahil sinabi ng Board na hindi raw konektado sa serbisyo ko sa militar ang sakit ko. Kung nagpatingin lang sana ako noong nakalanghap ako ng kaunting gas sa France!

Napakahalagang okasyon para sa akin ang unang Araw ng Panginoon na nakabalik ako sa Hapunan ng Panginoon matapos ang ilang buwang pagkawala. May nagbigay ng himnong “Awake, my soul, in joyful lays.” Hiniling kong ulitin ang isang taludtod:

“Nang ang kaguluhan, gaya ng madilim na ulap,
ay nagtipon nang makapal at kumulog nang malakas,
Siya'y laging nasa tabi ng aking kaluluwa—
Ang Kanyang kagandahang-loob, O kay buti!”

Ilang buwan matapos akong lumabas ng ospital, inalok ako ng trabahong naging napakagandang pagkakataon para makabawi ng lakas. Ang mga kaibigan naming sina G. at Gng. McGee ang namamahala sa isang maliit na kolonya ng mga ketongin sa D’Arcy Island, ilang milya mula sa Victoria. Pupunta si Gng. McGee sa England nang ilang buwan at

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

kailangan ng asawa niya ng makakasama at katulong. Para talaga itong bakasyon dahil kaunti lang ang trabaho. Bukod sa limang ketongin, na pawang mga Intsik, kaming dalawa lang ang naroon. Nakatira kami sa Big D'Arcy at kaya naming libutin ito nang lakad sa loob ng kalahating oras. Malapit dito ang Little D'Arcy, na walang nakatira. May maliit na look ito na napakagandang taguan ng mga bootlegger, ang mga ilegal na nagpupuslit ng alak. Panahon noon ng Prohibition sa U.S. at ilang milya lang kami mula sa hangganan. Dahil wala kaming paraan para makipag-ugnayan o maipagtanggol ang sarili, mas matalinong huwag na lang pansinin ang nangyayari sa paligid namin. May panahon ako para pag-isipan ang hinaharap at ipanalangin ang pagiging misyonero. Isang araw, ipinakita sa akin ng Panginoon nang napakalinaw na saanman Niya ako ipadala, kailangan kong matutong mahalin ang mga tao, kahit na sa ilang paraan ay parang mahirap silang mahalin. Noon ay wala pa akong ideya kung saan Niya ako gustong pumunta. May mga naisip ako tungkol sa Africa at sa Portugal din, para tulungan si kapatid na Swan.

Sa mga taong iyon ng paghihintay na buksan ng Panginoon ang pinto, malaki ang naitulong sa akin ni Kapatid na Duncan McKerracher. Nagtuturo siya sa isang klase ng mga kabataang lalaki at marami kaming natutuhan sa kaalaman niya sa Kasulatan. Kung minsan, pagkatapos ng prayer meeting, nakatayo kami sa ilalim ng ilaw sa kalye, hawak ang aming mga Biblia, at naghahanap ng sagot sa mga tanong namin. Ipinakilala niya sa akin ang mabubuting aklat at mga manunulat na nakatutulong, gaya nina Sir Robert Anderson, Dr. A. T. Pierson, at iba pa.

Isang gabi, dinalaw namin si G. Cecil Hoyle, na matanda na noon, na naging misyonero sa Spain mula 1876 hanggang 1907.

Kung minsan, naiisip ko ang mga matanda sa Oaklands. Ang ilan sa kanila ay nasa edad trenta pa lang, pero mga sampung taon ang tanda sa akin. Sa loob ng sampung taon, magkakaroon kaya ako ng kakayahan sa pangangaral, pagtuturo, at pangunguna sa isang kapulungan? Isa pa itong hamon para lalo kong pagsikapan ang pag-aaral ng Salita ng Diyos.

Isa sa mga nakatatanda, si Billy James, isang binata, ay medyo kakaiba. Pero talagang mahal niya ang Panginoon at umaapaw siya sa kagalakan ng Panginoon. Isa siyang tagalinis ng tsimenea at parang hindi niya kailanman

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

natatanggal lahat ng uling sa mukha niya. Pero sa pagsamba, nagliliwanag ang marungis niyang mukha sa payak at taos-pusong pag-ibig niya kay Cristo. Madalas siyang imbitahan ni Ina sa bahay para mananghalian tuwing Linggo, kahit pa pakiramdam ni Ina ay kailangan niya ng mabuting paligo!

Tuwing Sabado ng gabi, may open-air meeting sa Government Street sa labas ng isang mission na tinatawag na "Stranger's Rest." Galing si Billy diretso sa trabaho, itim sa uling ang mukha, at ipinahahayag sa sinumang nakaririnig, "Itim ang mukha ko pero maputi ang puso ko, nilinis ng dugo ng Kordero." Isang araw sinabi niya sa akin, "Napansin mo ba ang Griyegong may-ari ng tindahan ng kendi sa tapat ng kalye? Nakaupo siya sa bintana niya sa itaas at nakikinig buong gabi. Ipanalangin natin na maligtas siya." Noong una naming furlough, bumisita kami sa isang tahanan sa Long Beach, California. May isang Kristiyanong ginang na tumutulong sa may-bahay sa paglalaba. Habang namamalantsa siya, nalaman kong taga-Victoria pala siya. Lumabas na ang asawa niya, si G. Phillips, ay ang Griyegong may-ari ng tindahan ng kendi. Naligtas na pala siya, at iniwan ang negosyo niya para maglingkod nang buong panahon sa mga Griyego sa U.S.

Madalas kumain si Billy James ng simpleng pananghalian sa Stranger's Rest. Inimbitahan niya akong samahan siya roon at maglaan ng oras sa sama-samang pananalangin, at masaya kong ginawa iyon. Nalaman kong bago ako, si John Lamb ang nakikipanalangin sa kanya, at pumunta ito sa Venezuela kung saan naglingkod siya sa Panginoon mula 1920 hanggang 1932. Sinundan siya ni Dan Baillie. Taga-Ladysmith si Dan, sa itaas ng Isla, pero nakatira sa Victoria. Limang taon (1921-1926) siyang naging misyonero sa Manchuria. Pribilehiyo kong sumunod sa kanila at lumuhod sa pananalangin sa isang sulok ng mission kasama ang mahal na kapatid na ito. Hindi siya kailanman nakapunta sa ibang bansa bilang misyonero, pero tumulong siyang ipanalangin ang iba hanggang makarating sila roon.

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

KABANATA 6

Paghahanda para sa Misyon

"Pasasakdalin ng Panginoon ang tungkol sa akin: ang iyong kagandahang-loob, Oh Panginoon, ay magpakailan man; huwag mong pabayaan ang mga gawa ng iyong sariling mga kamay." (Mga Awit 138:8)

Noong mga unang buwan ng 1921, bumisita sa Victoria si G. Tom Baird. Naging misyonero siya dati sa Malaya (1893-1906) at malakas magsalita, at mahilig na mahilig sa paglalaro ng magkakatunog na salita. Isa sa mga kasabihan niya (mula sa alaala ko):

> *"O! Nawa'y naisin ng aking kalooban ang kalooban ng Diyos, at magiging mabuti ang lahat.*
> *Ang kaloobang nagnanais ng kalooban ng Diyos ay mananahan sa loob ng kalooban ng Diyos."*

Sa pamamagitan niya, nalaman ko ang tungkol sa Missionary Training School sa Brooklyn, New York, na pinamamahalaan nina G. at Gng. Richard Hill. (Ang anak na babae nina G. at Gng. Baird ay asawa ni Rowland Hill, kapatid ni Richard.) Naging misyonero sina Richard Hill at ang kanyang asawa sa Persia at Turkestan mula 1908-1918, at sinimulan nila ang paaralan para tulungan ang mga nagbabalak maging misyonero.

Napakawalang-muwang ko nang ipanalangin ko na magkaisa ang lahat ng matanda sa Oaklands Chapel sa pagkomenda sa akin para sa gawaing misyonero, at higit sa lahat, para makapag-aral muna sa Missionary Training School. Ngayong mas kilala ko na ang ugali ng mga matanda, wala na akong pananampalatayang ipanalangin ang ganoon. Pero buong kagandahang-loob nila akong kinomenda, at kung may tumutol man, hindi ko na nalaman. Malaking tulong at pagpapala sa akin noon ang payo ni Duncan McKerracher. Noong Agosto, natanggap ko rin sa wakas ang sagot ni G. Hill na tinatanggap ako sa Paaralan. Pagkatanggap ko ng sulat niya, binasa ko ang Mga Awit 138 at labis akong pinagpala, tiyak na tutuparin ng Panginoon ang Kanyang layunin sa akin. Pero wala pa rin akong patnubay kung saang larangan ako maglilingkod, bagaman ang isip ko ay nasa Africa o baka sa Portugal, dahil alam kong kailangan ni G. Swan ng tulong doon.

Sa biyahe ko mula Victoria papuntang New York, huminto ako nang

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

isang araw sa Port Hope, Ontario, para dalawin ang Tita Millie ko at ang dalawa kong pinsan. Siya ang bunsong kapatid ng aking Ina at nakapag-asawa ng isang retiradong

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

sundalo. Nagpapakilala siyang Kristiyano at regular na dumadalo sa isang simbahang Baptist. Malamang ay hindi alam ng mga miyembro doon kung gaano kasama ang trato niya sa pamilya niya. Hindi nagtagal bago ako dumalaw, nagtatrabaho siya sa riles at naaksidente. Talagang ginhawa para sa tita ko na hindi na niya kailangang tiisin ang kasamaan ng ugali nito.

Habang papalapit sa New York ang tren mula Montreal, nag-aahit ako. Sa salamin ng banyo, nakita kong binuksan ng isang pasahero ang maleta niya at nasa ibabaw nito ang isang Biblia. Sa akala kong Kristiyano siya, nag-iisip ako kung paano ko siya makakausap. Mukhang isa siyang naglalakbay na salesman na kakilala ng isa pang pasahero sa banyo. Sabi ng huli, “Ano 'yan —Biblia? Hindi ko alam na naniniwala ka pala sa ganyan!” Sagot ng lalaki, “Hindi naman, pero nakakatulong ito para makalusot sa customs!”

Ang pagdating sa Grand Central sa New York at paghahanap ng daan papuntang Brooklyn ay talagang karanasan para sa isang dayuhan. Pagdampot ko ng maleta, may lalaking nag-alok ng tulong pero tumanggi ako dahil hinala ko'y may iba siyang pakay. Nakakita ako ng subway na may markang “Brooklyn” pero masyadong maaga akong bumaba, nasa downtown Manhattan pa pala. Pag-akyat ko sa plaza sa City Hall, nagtanong ako sa isang lalaki kung paano pumunta sa Seventh Avenue, Brooklyn. Sagot niya, “Nakikita mo ba 'yong mataas na gusali? Iyan ang Woolworth Towers, ang pinakamataas na gusali sa buong mundo (noong panahong iyon).” Hindi ako interesado sa pang-turistang kuwento; gusto ko lang makarating sa Brooklyn. Nagpatuloy siya, “Pumunta ka roon at sa ilalim ng gusaling iyon, may subway papuntang Flatbush, Brooklyn. Ang Seventh Avenue ay nagsasanga mula sa Flatbush.”

Kaya bago magtanghali, natagpuan ko ang paaralan, pero ang naroon lang ay isang pamilya ng misyonerong naka-furlough, sina G. at Gng. Asa Moore. Kapatid ni Richard Hill ang babae. Pinakain nila ako ng tanghalian at sinabi sa akin na nasa kumperensiya sa Sea Cliff, Long Island, ang lahat. Kaya pagsapit ng kalagitnaan ng hapon, nakarating na ako sa kumperensiya sa Sea Cliff. May pulong na nagaganap, isang tanungan at sagutan, kasama sina C.F. Hogg at Harold St. John sa panel. Gustong malaman ng isang nagtanong kung bakit nagkakasama-sama sa fellowship

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

doon ang mga mananampalataya mula sa iba't ibang kapulungan pero pag-uwi nila ay walang fellowship ang ilan sa kanilang mga kapulungan. Itinaas ni G. Hogg ang kanyang mga kamay at sumagot, “Ang mga hindi pagkakatugma ng mga kapatiran!” Ang isa pang tanong ay ang lumang paulit-ulit na tanong tungkol sa pagbabautismo para sa mga patay. Kapwa sinabi nina G. Hogg at G. St. John na marami na silang nakitang paliwanag, pero wala ni isang nakapagpakuntento sa kanila. Hindi nila alam ang kahulugan. Pagkatapos ng pulong, lumapit ako sa isang grupong nakapalibot sa isang kapatid na mukhang akala niya ay alam niya ang sagot!

Pagkatapos ng panggabing pagtitipon, nakahanap ako ng higaan sa itaas na palapag ng kapilya, ang regular na pinagtitipunan ng kapulungan sa Sea Cliff. Medyo maingay at magulo ang mga binatang nakatuloy roon. Mukhang walang namamahala. Pagod na ako matapos ang isang mahaba at kapana-panabik na araw na puno ng mga bagong tanawin. Pasado alas-onse na, at naisip kong hindi magandang patotoo ito para sa kapulungan sa harap ng mga kapitbahay. Kaya pumunta ako sa itaas ng hagdan at, sa gitna ng ingay, iniutos kong tumahimik sila. Kinaumagahan, napansin kong patago silang sumusulyap sa akin. Wala ni isa sa kanila, siyempre, ang nakakilala sa dayuhan—at hindi ko na rin sinabi sa kanila.

Dahil marunong ako sa karpinterya at may dala akong ilang kagamitan, hiniling sa akin pagkatapos ng kumperensiya na tumulong sa pagkukumpuni sa Sea Cliff Yacht Club. Ang gusaling ito, nakaharap sa baybayin ng Long Island Sound, ay binili ng komite ng kumperensiya. Pagkatapos ng trabaho noong Sabado ng hapon, pumunta ako sa pier para lumangoy kasama si George Fraser, na naghahandang pumunta sa Venezuela. Sumisid siya nang suot ang salamin niya at nawala ito. Ilang ulit siyang sumisid pero hindi niya ito nakita, at talagang nahirapan siya nang wala ito. Kinabukasan nang maaga, matapos ipanalangin ang pangangailangang ito, pumunta siya sa baybayin habang kati ang tubig. Doon niya nakita ang salamin niya, buo at walang kahit isang gasgas, sa kabila ng paghampas ng tubig sa mabatong dalampasigan.

May trabaho rin sa gusali ng paaralan sa Brooklyn habang nag-aayos kami roon. Nasa pinakamataas na palapag ang mga lalaki at kasama ko sa

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

kuwarto si Leonard Bewick na taga-Kansas City. Sina Horace Davey na taga-Ottawa at Tom Mornan na taga-Buffalo ay nasa ibang kuwarto. Nasa pinakamataas na palapag ding iyon ang nag-iisang mag-asawa sa klase namin, sina William at Margaret McKellin na taga-Paterson, New Jersey. Sa palapag sa ibaba naman ang mga babae: si Carrie Saunders na taga-Peterborough, na pagkalipas ng mga taon ay napangasawa ni Horace; si Margaret (Peg) Fleming, na kalaunan ay napangasawa ni G. Kramer ng Guatemala; si Margaret (Meg) Dryden na taga-Seattle, na kalaunan ay napangasawa ni James Buckley; at sina Irene Stedman, ang kasintahan ni Len, at Anna Carson na taga-Buffalo, na magkasama sa kuwarto.

Hindi nagtagal matapos magsimula ang klase noong Setyembre, may kumperensiya ng Sabado sa kapulungan sa Richmond Hill sa Long Island. Maraming estudyante ang nagbalak pumunta pero isa-isang umatras, kaya kami lang ni Anna Carson ang nakapunta. Sa pulong, nakaupo ilang hanay sa unahan namin si Scott Aspinall, isang matanda ng kapulungan mula sa Brooklyn. Tango nang tango ang ulo niya, pero hindi dahil sumasang-ayon siya sa napakahabang mangangaral! Marahan kong siniko si Anna para ipakita sa kanya ang walang-saysay niyang pagsisikap na manatiling gising. Walang ibang ibig sabihin ang sikong iyon. Ang totoo, akala ko noon ay may nobyo siya sa Buffalo. Pagbalik sa paaralan, naikuwento ko ang nangyari sa mga kasama kong lalaki, at ang panunukso nila pagkatapos ang talagang nagpasimula ng interes ko. Kalaunan ay nagkuwento sila ng biro tungkol sa isang itim na lalaking bibili ng tabako pero hindi sigurado kung anong brand ang bibilhin. Hindi rin siya sigurado kung sinong babae ang pakakasalan niya. Iminungkahi ng tindero ang “Havana,” at sabik na sumagot ang mamimili, “Iyan ang gagawin ko—I’ll have Anna!” (sa Ingles, magkatunog ang “Havana” at “have Anna,” ibig sabihin ay “si Anna ang pipiliin ko”). Pero hindi ganoong klase ng patnubay ang hinahanap ko! Pero bago ko ikuwento kung paano gumabay ang Panginoon, lilihis muna ako para ikuwento ang pinagmulan ni Anna Carson.

Noong unang bahagi ng dekada 1890, isang batang karpintero, si Samuel Carson, ang umalis sa Ballymena sa Ulster, N. Ireland, papuntang Buffalo, New York. Nadismaya siya na iisa lang ang kapulungan doon, dahil sanay siya sa Belfast kung saan marami ang kapulungan. Sa Buffalo,

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

nakilala niya ang isang dalagang Irish, si Rose Logan, na galing sa isang nayon mga dalawampung milya mula sa Ballymena. Ikinasal sila at nagkaroon ng dalawang anak sa U.S. bago bumalik sa Belfast. Ang totoo, higit sa isang beses silang tumawid ng karagatan. Sa siyam nilang anak, ang dalawang panganay at ang dalawang bunso ay ipinanganak sa Buffalo, at ang iba ay sa Belfast. Ang nasa gitna ng siyam ay si Anna, na may dalawang kapatid na lalaki at dalawang kapatid na babae na mas matanda, at ganoon din na mas bata sa kanya.

Nang apat o limang taon si Anna, umalis sila sa Belfast para bumalik sa Buffalo, at ayaw nang bumiyahe ulit ni Mother Carson.

Medyo tomboy si Anna; iiwan niya agad ang mga manika niya kapag may pagkakataong maglaro ng baseball kasama ang mga batang lalaki. Minsan, tinanong siya ng isang bisita kung gaano katagal siyang naglalakad papuntang paaralan. Hindi niya alam, kasi hindi naman siya naglalakad papuntang paaralan. “Kaya ko 'yon nang tatlong minuto kapag tumalon ako sa bakod sa likod at dumaan sa mga bakanteng lote.”

Lumaki sa isang Kristiyanong tahanan at laging nagsi-Sunday school, alam ni Anna ang daan ng kaligtasan. Ang guro niya sa Sunday school ay si Jeannie Mowat, at isang Linggo, tinanong niya ang mga batang babae kung sila ba ay ligtas na. Sagot ni Anna, “Opo—sa tingin ko po.” Pagkaraan, si Gavin Mowat, asawa ni Jean, ang nangaral sa pagtitipon noong Linggo ng gabi. Pauwi, tinanong niya si Anna, “Anna, ligtas ka na ba?” Ngayon, buong tiwala na siyang nakasagot, “Opo, alam ko na pong ligtas na ako.” Sumampalataya na siya noon pa, pero kulang siya sa katiyakan ng kaligtasan.

Kaya sa Buffalo ginugol ni Anna ang mga taon niya sa paaralan, elementarya at high school. Lumago ang interes niya sa misyon dahil sa pakikipagkaibigan niya kina Gavin at Jeannie Mowat. Ang kapatid na lalaki ni Jean na si George Gibson ang napangasawa ni Sarah, ang panganay na kapatid ni Anna. Pumunta ang mga Mowat sa Central Africa (1911-1927) at pagkatapos ay sa South Africa (1928-1950). Walang makakadalo nang matagal sa Assembly Hall sa Buffalo nang hindi namumulat sa misyon. Si Edward Fairbairn, isang nangungunang kapatid, ay masigasig na tagasuporta ng misyon kahit isa siyang negosyante sa

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

Buffalo.

Nang sabihin ni Anna na gusto niyang maging misyonera, hindi kayang ipaubaya ni Mother Carson ang anak niya. Mabuting Kristiyano siya, pero mahirap para sa kanya ang ganoong sakripisyo. Samantala, nagtuturo si Anna ng isang klase sa Sunday school ng maliliit na batang lalaki, kasama sina Lyndon at Laurence Hess at William Oglesby, na lahat ay naglingkod sa Panginoon sa mga sumunod na taon. Ayaw ni Anna na labagin ang kagustuhan ng Nanay niya; panatag siya na kung gusto ng Panginoon na maging misyonera siya, Siya mismo ang magpapalambot sa puso ng Nanay niya para pumayag. Ang paghihintay nang isa o dalawang taon ay panahon ng pagsubok, bahagi ng paghahanda ng Diyos. Sa wakas, noong 1921, pumayag din ang Nanay niya at pumunta si Anna sa Brooklyn. Madalas niyang sabihin mula noon na kung nasunod ang gusto niya at umalis siya nang mas maaga, malamang hindi kami nagkakilala.

Habang lumalalim ang pagtingin ko kay Anna at nauuwi sa pag-ibig, naunawaan kong kailangan kong maging siguradong-sigurado sa kalooban ng Panginoon tungkol sa magiging kabiyak ko sa buhay. Pagdating ko sa paaralan, may nagbigay sa akin ng isang leaflet tungkol sa "The Will of God" (Ang Kalooban ng Diyos). Ang tumatak sa akin sa leaflet na iyon ay ang katotohanang may plano at layunin ang Diyos para sa buhay ng bawat mananampalataya. Nagpasya akong pag-aralan ang itinuturo ng Bagong Tipan tungkol sa kalooban ng Diyos. Sa tulong ng isang concordance, hinanap ko ang bawat talata. Hindi madali, kasi sa Ingles madalas gamitin ang "will" bilang pantulong na pandiwa. Isa sa malalaking aral na natutunan ko ay tungkol sa ating Panginoong Jesu-Cristo. Sa apat na Ebanghelyo, mga tatlong beses lang Niya binanggit ang sarili Niyang kalooban, at bawat beses ay para sa ikabubuti ng iba.

Kaya nagsimula akong taimtim na manalangin na ipakita ng Panginoon ang kalooban Niya tungkol kay Anna Carson. Siyempre, habang mas ipinapanalangin ko at iniisip siya, lalong tumitindi ang pagnanais ko sa kanya. Pero walang "green light" mula sa Panginoon, walang katiyakan na ito ang kalooban Niya para sa akin. Lumipas ang mga linggo—mga panahon ng espirituwal na pakikipagbuno. Minsan, nagpasya akong subukan ang isang bagay na alam kong hindi tama. Hahayaan kong

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

bumukas nang kusa ang Biblia ko at titingnan ko kung anong talata ang lalabas. Siyempre, bumukas ito malapit sa gitna, sa aklat ng Job. Sa harap ng mga mata ko ang mga salitang ito, "Ako'y nakipagtipan sa aking mga mata; paano nga akong titingin sa isang dalaga?" (Job 31:1). Hindi iyon ang gusto ko! Lalo pa akong pinanghinaan ng loob nang ituloy ko ang pagbasa, "Kung ang aking puso ay napadaya sa babae" (t.9). Pero habang ipinapanalangin ko ito, nakumbinsi ako na mali ang paggamit sa Salita ng Diyos sa ganoong paraan. Ang patnubay na natanggap ko noon ay hindi tungkol sa kabiyak sa buhay kundi kung paano isasabuhay ang Kasulatan sa kalagayan ko noon.

Ilang linggo pa ang lumipas sa ganitong pagsisiyasat ng puso, sa paghahangad na malaman ang kalooban ng Panginoon. Pagkatapos, isang umaga sa klase namin habang pinag-aaralan namin ang buhay ni Cristo, may isang pangungusap sa ibaba ng outline. "Iniwan nila ang lahat, at nagsisunod sa kaniya" (Lucas 5:11). Hinamon ako nito! Kahuhuli lang ng apat na mangingisdang iyon ng pinakamalaking huli ng isda sa buong buhay nila—ang laki sana ng kikitain nila sa palengke! Pero iniwan nila ang lahat—isda, kaibigan, kayamanan, at pamilya—para sumunod sa Kanya. Saka ko naunawaan na hindi ko pa naiiwan ang lahat, kahit taimtim kong hinahangad na malaman ang kalooban Niya. Sa kaibuturan ng puso ko ay may lihim na hiling, "Panginoon, gusto ko ang kalooban Mo, pero sana po ay iyon din ang gusto ko." Hindi pa ako lubos na sumusuko; hindi ko pa naiiwan ang lahat. Nang tapusin ang klase sa panalangin, nanalangin ako ng sarili kong dalangin, "Panginoon, kung gusto Mong pumunta akong mag-isa sa misyon, handa po akong sumunod sa kalooban Mo."

Hindi madaling matutunan ang aral na iyon. Kailangan ang lubos na pagsuko sa kalooban Niya, nang walang anumang pag-aalinlangan sa isip. "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya..." (Juan 7:17). Kailangang handa tayong sumunod sa kalooban ng Diyos bago pa natin malaman kung ano ang kalooban Niya. (Para malaman ang kalooban ng Diyos, dapat handa tayong gawin kahit ang mismong kabaligtaran ng gusto natin.) Saka ko natutunan kung gaano kabuti at kamapagbiyaya ang ating Diyos! Parang halos kaagad pagkatapos kong umabot sa lubos na pagsukong iyon (at totoo sa loob ko), ipinagkaloob ng Panginoon ang hiling ko. Dumating sa akin ang katiyakan

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

na kalooban ng Panginoon na hilingin ko kay Anna na makasama ko siya habambuhay.

Para hindi pag-usapan ng kapitbahayan, hindi pinapayagang lumabas nang magkapares ang mga estudyanteng babae at lalaki. Hindi naman namin nilusutan ang patakarang iyon nang magkita kami sa labas pagkatapos. Kaya noong Disyembre 3, 1921, lumabas kami ni Anna at nagkita sa isang usapang lugar. Doon ko unang sinabi sa kanya na mahal ko siya, at nalaman kong mahal din pala niya ako. Animnapung taon na ang lumipas at sinasabi pa rin namin sa isa't isa ang pagmamahal namin! Naglakad kami sa Prospect Park (malamang delikado na ngayon) kung saan ikinuwento ko sa kanya kung paano ako ginagabayan ng Panginoon at na gusto kong siya ang mauna sa buhay ko kasunod ng Panginoon. Nakisuyo si Miss Annie Hill kay Anna na bumili ng argyrol para sa kanya, pero sa sobrang excitement namin, arsenic ang nahingi namin! Sa itsura ng mukha ng tindero sa botika, doon namin napansin ang pagkakamali namin. Hindi na nalaman ni Miss Hill kung paano siya muntik nang mapahamak dahil sa pag-iibigan namin!

Marami kaming ginagawa nang sama-sama bilang isang klase, at maganda ang diwa ng pagsasamahan. Madalas kaming magkakasamang pumunta sa mga kumperensya, sa mga despedida ng ibang misyonero, at sa lingguhang lektura sa medisina ni Dr. Baldwin. Karamihan ng hapon ay ginugol namin sa pagtulong sa outpatient department ng isang ospital. Ang mga umaga naman ay para sa mga lektura sa Biblia. Si John Hill ang paboritong guro ng karamihan. Dating negosyante, maayos at sistematiko siyang mag-isip, at nakatulong ang mga outline niya sa pag-aaral namin. Malasakit siya sa mga estudyante at nag-aayos siya ng mga lakad sa mga lugar gaya ng mga museo o ng 42nd Street Library kung saan ipinakita sa amin ang ilang bihirang manuskrito ng Biblia. Iba si Richard Hill sa kapatid niya dahil mas pang-debosyonal siyang mangaral. Malaki ang paggalang ng lahat kay George Aldrich dahil ang mayaman niyang espirituwal na turo ay sinusuportahan ng isang banal na pamumuhay. Hindi malilimutan ang pagbasa niya ng bahagi ng 1 Mga Taga Corinto 15—iyon ay sa libing ni Mr. Faulkner, ama ni Mrs. Richard Hill. Si Brother Aldrich ay dating pari ng Anglican, at napakaganda ng pananalita niya.

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

Isang negosyante sa Wall Street, si Charles Bellinger, ay pumupunta isang gabi kada linggo para magturo ng Mga Taga Galacia. Nagtatanong siya ng mga tanong na pumipilit sa amin na mag-isip para sa sarili namin. Kahit tama ang sagot namin, minsan kokontrahin niya ito para makita kung paninindigan namin. Nangingilag kung hindi man natatakot ang ilang estudyante! Pero tunay siyang kaibigan ng mga estudyante at talagang interesado sa misyon. Nakinabang din kami sa pagbisita ng ibang mangangaral at misyonero. Hindi namin agad malilimutan ang pagbisita ni Charles Kramer mula sa Guatemala. Kakaunti ang Ingles niya pero buong siglang umaawit sa Kastila, hanggang isang araw ay sinabihan kami ng pulis na nagrereklamo na ang mga kapitbahay.

May masasaya ring sandali sa buhay sa paaralan. May ilang seryosong nagdududa kung bagay ba kaming maging misyonero. Pero naaawa ako sa misyonerong walang sense of humor. Si Harriet na kusinera ay isang sister mula sa kapulungan ng mga Itim sa New York. Ang kuwarto niya ay nasa mismong ilalim ng banyo namin sa pinakamataas na palapag. Isang gabi, pagpasok namin ni Anna, nakita naming may tumutulong tubig sa kuwarto niya. Wala si Harriet noon dahil nag-weekend sa labas. Tumakbo ako paakyat at nakita kong umaapaw ang bathtub kaya pinatay ko ang gripo. Sa kuwarto ni Tom, may diskusyon na nagaganap gaya ng dati, tungkol sa paghirang o predestinasyon. Pakaswal kong itinanong kung sino ang balak maligo. Itinaas ni Tom ang mga kamay niya sa gulat—nakalimutan niyang naiwan niyang bukas ang gripo. Hindi nagtagal pagkatapos noon, pininturahan naming muli ang mga kuwarto sa itaas. Si Len Bewick ang nag-pintura ng banyo. Dahil mahirap abutin ang likod ng tub, inusog niya nang kaunti ang isang dulo nito at nasira ang tubo ng alulod. Muli, nadiligan na naman ang kuwarto ni Harriet nang hindi inaasahan.

Sa ilang bagay, hindi perpekto ang kalagayan sa paaralan. Ipinadama sa amin na kami ay “estudyante lang,” at natuto kaming gawin ang mababababang gawain. Gayunman, may pakinabang sa mga turong natanggap namin at sa maraming pakikisalamuha sa mga tao at mga kapulungan, lalo na sa bandang New Jersey.

Isa pang pakinabang ay ang makilala ang marami sa mga anak ng Panginoon sa mga kapulungan sa lugar na iyon, lalo na sa kabila sa New

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

Jersey. Pribilehiyo naming makilala ang ilan sa mga nangungunang lingkod ng Diyos, at pinahahalagahan pa rin namin ang alaala ng mga lalaking iyon, na karamihan ay nasa piling na ng Panginoon.

Kadalasan, magpapares kaming mga lalaki para bumisita sa isang kapulungan tuwing Araw ng Panginoon, kadalasan ay dahil inimbitahan. Napagkasunduan namin na ang isa ang magbabayad ng pamasahe naming dalawa papunta at ang isa naman pauwi. Isang Linggo, umalis kami ni Len Bewick papuntang New Jersey. Dahil kapos ako sa pera, hinayaan kong siya ang magbayad papunta. Ang kaunting perang meron ako ay napunta sa handog. Madalas, sa ganoong pagkakataon, may nag-aabot ng pera sa kamay namin. Pero nang araw na iyon wala akong natanggap at duda ako kung may sapat na pera si Len para sa pamasahe naming pauwi. Palihim kong ipinapanalangin ito—kahit si Len hindi alam ang problema ko. Inihatid kami ng isa sa mga kapatid sa istasyon ng tren, pero paano kami bibili ng tiket nang walang pera? Pagkatapos, pagbaba namin ng kotse, may naramdaman akong perang papel na naiwan sa kamay ko nang magpaalam ako sa kapatid—higit pa sa sapat para sa pamasahe namin. Marami kaming natutunang aral tungkol sa pananampalataya at kung ano ang ibig sabihin ng pagtitiwala sa Diyos noong mga araw na iyon.

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

KABANATA 7

Patnubay Tungkol sa Lugar ng Paglilingkod

"Ituro mo sa akin ang iyong mga daan, Oh Panginoon; ituro mo sa akin ang iyong mga landas." (Mga Awit 25:4)

Sa buong taon namin sa paaralan, palagi naming ipinapanalangin ang patnubay kung saan kami gustong ipadala ng Panginoon para maglingkod. Ang iniisip ni Anna ay South America, samantalang ako ay Africa o Portugal. Isang umaga noong Disyembre, nananalangin nang sama-sama ang lahat ng estudyante gaya ng nakagawian araw-araw. Para bang sinabi sa akin ng Panginoon, "Pumunta ka sa Pilipinas!" Hindi ko nga alam kung nasaan ang Pilipinas, pero hula ko ay nasa bandang Pacific ito, gaya ng Hawaii. Sa pagkakaalala ko, isang beses ko lang narinig ang tungkol sa mga Islang iyon. Bago noon, sa isang sulat mula kay John Thomson, isa sa mga elder sa Oaklands Chapel, ikinuwento niya ang pagbisita roon nina Mr. at Mrs. George Wightman. Dati silang naglingkod sa Panginoon sa Mexico at noon ay papunta na sa Pilipinas. Nang dumaan ako sa isang tindahan ng segunda-manong libro sa Brooklyn makalipas ang ilang araw, may nakita akong libro tungkol sa Pilipinas. Karaniwan ay madalas akong tumambay sa ganoong mga tindahan para maghanap ng mga librong pang-Biblia, pero noong pagkakataong iyon iba ang hinahanap ko.

Noong Paskong iyon, inimbitahan ako ng isang matagal nang kaibigan mula Victoria na nagsasaka sa New England. Banayad ang taglamig kaya talagang na-enjoy ko ang pagkakataong makalayo sa lungsod at sa pag-aaral. Wala naman akong gaanong maitutulong sa bukid kaya naglalakad ako nang malayo. Isang hapon, nakarating ako sa isang mabuhanging dalampasigan at nagpabalik-balik ng lakad sa tabi ng dagat. Ipinanalangin ko na kung ang Pilipinas ang lugar na pinili Niya para sa amin, ipaalala ulit ito sa akin ng Panginoon. Nang gabing iyon, habang nakaupo sa harap ng nagliliyab na apoy, nagkukuwentuhan kami ni Joe. Nabanggit niya si John Lamb sa Venezuela, at sinabing Kastila ang salita roon. Pagkatapos, sinabi niyang may kapitbahay siyang marunong mag-Kastila, na natutunan niya sa Pilipinas noong nasa army siya. Walang alam si Joe sa pinagdadaanan ko tungkol sa bansang iyon. Pero dahil napakaswal ng pagkakabanggit,

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

humingi pa ako sa Panginoon ng karagdagang kumpirmasyon.

Pagbalik sa Brooklyn, dumalo ako sa watchnight service na ginanap sa

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

paaralan. Kinaumagahan, pumunta ako sa 13th Avenue Gospel Hall para sa Hapunan ng Panginoon. Sa mesa ay may ilang kopya ng bagong labas na "Voices from the Vineyard." Habang binubuklat ko ang misyonerong magasing ito, napansin ko ang isang sulat mula kay George Wightman. Pero ang talagang pumukaw sa mata ko ay ang paalala ng editor na naka-bold sa mismong itaas ng sulat. Sinasabi nito na halos isang-kapat na siglo nang nasa ilalim ng pamamahala ng Estados Unidos ang Philippine Islands, pero hanggang noon ay wala pang misyonerong naglilingkod sa Panginoon doon na isinugo ng isang kapulungan sa U.S. (taga-Scotland ang mga Wightman). Iyon ang sagot sa panalangin ko para sa patnubay. Dagdag pang kumpirmasyon, sa parehong isyu ay ikinuwento na si A. G. Ingleby ay papunta sa Portugal para tulungan si Mr. Swan. Para bang sinasabi sa akin ng Panginoon na may iba na Siyang napili para sa Portugal.

Noong una kong furlough, ikinuwento ko ang pangyayaring ito kay Richard Maclachlan, ang editor ng Voices. Naaalala niya ang paalalang iyon ng editor at sinabi niyang wala siyang maalalang ibang pagkakataon na ginawa niya iyon.

Walang duda sa isip ko na sa Pilipinas kami dapat pumunta, pero gusto ni Anna ng sarili niyang katiyakan tungkol sa kalooban ng Panginoon. Hindi siya kumbinsido sa katwiran ko—kung kalooban ng Panginoon na magpakasal kami, hindi Niya kami ipapadala sa magkaibang lugar. Ang talagang kinatatakutan niya ay ang pintas na binago niya ang piniling lugar ng paglilingkod dahil sa akin. May isang estudyanteng pumirma sa isang autograph book ng "Yours for India," pero sa isang mas huling pahina ay "Yours for China" na. Sa huli, sa Central America siya napunta! Isang gabi, nakitulog si Miss May Van Dine kina Anna at Irene. Habang nagdedebosyon siya kinaumagahan, lumingon siya kay Anna at sinabi, "Anna, naisip mo na ba kung paanong minsan ay hinahayaan nating ilayo tayo ng sasabihin ng ibang tao sa gustong ipagawa sa atin ng Diyos?" Wala rin siyang alam sa iniisip ni Anna. Iyon ang nakakumbinsi kay Anna na matatanggap niya na ang pagpunta sa Pilipinas ay kalooban din ng Panginoon para sa kanya.

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

Maraming beses sa paglipas ng mga taon, lubos kaming nagpasalamat sa paninindigan naming isinugo kami ng Panginoon sa Pilipinas. Lalong mahirap ang una naming termino, puno ng mga di-inaasahang kabiguan at paulit-ulit na pagsubok sa pananalapi. Minsan, may kapwa misyonerong nagmungkahi sa amin na nasa maling lugar kami at dapat kaming maghanap ng ibang lugar ng paglilingkod. Madali sanang maging misyonerong sumuko at umuwi! Pero may katiyakan kami na isinugo kami ng Panginoon doon nang may malinaw at tiyak na patnubay. Kaya kakailanganin din namin ng ganoon kalinaw na patnubay kung gugustuhin Niyang umalis kami.

Nang patapos na ang unang taon namin sa paaralan, lumitaw ang tanong kung babalik pa ba kami para sa isa pang taon. Hindi kami lubos na masaya sa sitwasyon doon kaya pinag-isipan namin kung makabubuti bang bumalik. Isa pang tanong ay kung dapat ba kaming magpakasal bago pumunta sa misyon. May ilang napakatatag na pananaw tungkol dito. Iginigiit ng mga responsableng kapatid sa Great Britain at America na ang mga magkasintahang engaged ay dapat munang gumugol ng kahit isa o dalawang taon sa misyon bago magpakasal. Magbibigay ito ng panahon para sa pag-aangkop sa kultura at pag-aaral ng wika bago pasanin ang mga responsibilidad ng mag-asawa. Ang tanging eksepsyon ay kapag ang misyonerong nasa lugar na mismo ang nagrekomendang magpakasal muna.

Sa mga sulatan namin ni Mr. Wightman, iminungkahi niya na pumunta kami sa lalong madaling panahon at magpakasal muna. Dahil sila lang ang mga misyonero ng grupo namin doon, mahirap maghanap ng angkop na matitirhan para sa mga walang asawa. Siyempre, natuwa kami sa payo niya at sumang-ayon dito ang mga elder sa Buffalo. Ang sumunod na tanong ay kung ano ang gagawin namin noong tag-init ng 1922 bilang karagdagang paghahanda sa gawaing misyonero.

Inayos ng isang mabuting kaibigan na makapag-aral si Anna ng kursong midwifery sa Buffalo, sa paniniwalang magagamit ito sa misyon. Kaya ang tag-init niya ay ginugol sa pag-aaral ng medisina at sa pagtulong sa isang Kristiyanong doktor na nakatira sa tapat ng kalye. Kaya nakuha niya ang

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

kinakailangang bilang ng panganganak na napaanak niya, kasabay ng mga leksyon. Sa totoo lang, bihira niyang nagamit ang pagsasanay na ito sa Pilipinas. Hindi na ito kinailangan dahil may mga pasilidad medikal na abot ng karamihan sa mga tao.

Pag-alis sa paaralan sa Brooklyn, bumiyahe kami papuntang Buffalo kung saan ipinakilala ako sa pamilya niya. Sa tingin ko, hindi sila gaanong humanga sa akin hanggang sa nangaral ako isang Linggo ng gabi sa Assembly Hall. Matinding pagsubok iyon para sa akin at talagang pinaghirapan ko ang paghahanda. Mabuti ang Panginoon at tinulungan Niya ako. Kung may espirituwal na pakinabang ang mga nakinig, hindi ko alam, pero alam kong maganda ang naging tingin ng pamilya. Sa tatlong linggo ko roon, tumulong din ako sa mga open-air meeting, sa pagbisita sa City Mission, at sa pamimigay ng tract.

Pagkatapos, tumuloy ako sa hilagang Ontario. Sa daan, dumaan ako sa isang kumperensya sa Dominion Day sa Hamilton kung saan isa sa mga tagapagsalita ang matagal ko nang kaibigan na si Tom Baird. Mabait niya akong ipinakilala bilang isang misyonerong paalis na. Pagkatapos magpalipas ng isang gabi sa Peterborough, tumuloy ako sa Haileybury. Doon, hinanap ko ang bahay ni Mr. Sam Taylor, isang ebanghelistang naglilingkod sa Panginoon sa lugar na iyon, na namumuno sa isang espesyal na kampanya roon. Masipag siya, disiplinado sa sarili, at inaasahan din niya iyon sa iba. Pagbukas niya ng pinto, nagpakilala ako at binati niya ako, “Welcome, kung ikaw ay naparito para gawin ang gawain ng isang ebanghelista.” Hindi nakaligtas sa akin ang diin sa salitang gawain, at nakita ko ngang maraming gawaing dapat gawin.

Dumating pagkaraan ang iba pang miyembro ng team: si Tom Baird ay tumigil doon nang bahagi ng tag-init. Malaking tulong ang mga mensahe niya, mga pag-aaral sa Biblia, at mga personal na pakikipag-usap; si Arthur Smith ay minamahal na miyembro ng team dahil sa magiliw niyang ugali. Isa siya sa mga pinakamahusay na biyolinista sa Canada at tumugtog na sa ilang nangungunang orkestra. Laging nakakatuwang pakinggan ang pagtugtog niya, bagaman hindi siya kailanman tumugtog para lang magpaaliw. Pagpasok namin sa isang maliit na baryo para sa open-air

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

meeting, may lalaking sisilip mula sa saloon at sisigaw, “Nandiyan ba si Smitty at ang biyolin niya?” Mawawalan ng tao ang saloon at bilyaran para pakinggan si Smitty at ang biyolin niya, pati na ang kaakit-akit niyang paraan ng paglalahad ng Ebanghelyo. Kapag wala si “Smitty,” nangangaral kami sa mga di-nakikitang tagapakinig—kung meron man!

Nandoon din ang isang batang guro at ang bagong asawa niya, sina Mr. at Mrs. Horace Lockett. Baka doon niya nakuha ang ilang ideyang nauwi sa mga sumunod na taon sa summer Bible school sa Guelph. Dumating si Miss Hartshorn mula Peterborough bilang pianista at soloista. Sa gulat namin, nagsimula ang isang pag-iibigan sa pagitan nila ni Sam Taylor. Akala namin ay habambuhay na siyang binata! Hindi marunong kumanta si Sam! Isang araw sa tanghalian, sinabi niya kay Muriel Hartshorn, “Pagdating ko sa langit, may isa akong kagalakang wala ka—sa unang pagkakataon, talagang makakakanta na ako.” Kasama rin sa grupo namin si Horace Davey na nasa Brooklyn kasama namin, at si Alvin Sauer ng Buffalo.

Ang mga umaga ay para sa pag-aaral ng Biblia. Sa hapon, lumalabas kami para mamigay ng tract sa buong bayan ng Haileybury at para sa mga open-air meeting sa mga liblib na baryo. Kadalasan, ang mga ito ay binubuo ng isang saloon at bilyaran, isang general store na may post office, at isang dosenang bahay. Hindi madaling mangaral kapag hindi namin alam kung may nakikinig. Tuwing Sabado ng gabi, tumutulong kami sa isang open-air meeting sa Cobalt, na kilala noon dahil sa mga minahan ng cobalt. Tuwing Linggo, bumibisita kami sa New Liskeard at tumutulong sa Sunday school at sa mga pagtitipon ng kapulungan doon. Ang Haileybury ay nasa pampang ng Lake Temiskaming, magandang lugar para lumangoy hanggang nagkasakit ang ilan sa amin dahil sa lumot sa tubig.

Noong unang bahagi ng Setyembre, bumalik ako sa Buffalo, pero itinuloy ng ilang manggagawa ang gawain. Wala pang isang buwan matapos ang kampanya ng tag-init, isang mapaminsalang sunog ang tumupok sa lugar na iyon. Halos nawasak ang Haileybury at maraming buhay ang nawala. Walang duda na kasama roon ang marami sa nakarinig ng Ebanghelyo noong tag-init na iyon. Nawala ang mga ari-arian ng mga

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

manggagawa pero nakaligtas sila matapos tumulong sa paglikas ng iba.

Noong Setyembre 20, nagkaroon ng simpleng kasal sa bahay ng mga Carson, at may salu-salo pagkatapos sa apartment ng mga Gibson sa itaas. Wala sa mga kamag-anak ko ang nakadalo, at sa sobrang excitement ko, hindi ko na gaanong maalala ang mga nangyari. Ikinasal kami ni Mr. Hugh Kame mula Erie, Pennsylvania. Dati siyang ministro ng Baptist pero iniwan niya ang denominasyon para maglingkod sa Panginoon kasama ng mga kapulungan. Balak kaming habulin ng ilan sa mga kabataan pag-alis namin. Pero lumabas kami sa bintana ng isang kuwarto at sumakay sa naghihintay na taxi, kaya natakasan namin ang mga humahabol. Pagkatapos ng isang gabi sa Statler Hotel, nagkaroon kami ng isang-araw na honeymoon sa Niagara Falls. Hindi namin kaya ang mas mahabang bakasyon!

Ang araw ng pag-alis namin sa Buffalo, Oktubre 4, ay napakaabala, lalo na para kay Anna. Kailangan pa niya ng isa pang panganganak para makumpleto ang kinakailangang bilang, at nanganak si Dora Murset nang madaling-araw na iyon, sakto sa oras. Ang board exam niya para sa mga midwife ay nang hapong iyon habang nasa bahay ako at tinatapos ang pag-iimpake. Nakauwi siya sa tamang oras para magbihis at umalis papuntang Assembly Hall para sa despedidang hapunan at pagtitipon namin. Mula sa Hall, inihatid kami ng maraming kaibigan sa istasyon para sumakay sa panggabing tren papuntang Chicago. Dalawang linggo bago pa ay naka-reserve na kami, pero laking gulat ko nang sabihin ng konduktor na may nakaokupa na sa berth. Ang inilagay ng ticket agent sa tiket ay ang petsa ng pagbili sa halip na petsa ng pag-alis. Habang kinakausap ko ang mga agent tungkol dito, napansin ng isang lalaki ang butones ko bilang beterano ng Canada. Beterano rin pala siya ng Canada at nakumbinsi niya ang konduktor na ilagay kami sa mas magandang berth na bakante. Iyon ay probisyon ng Panginoon noong pagod na pagod si Anna.

Pagdating namin sa Chicago kinaumagahan, napansin ng host namin, si Mrs. William Trotter, kung gaano kapagod si Anna at pinatulog siya hanggang oras ng hapunan. Naghapunan kami kasama sina Mr. at Mrs. Tom Bendelow at doon namin nalaman ang tungkol sa sunog sa

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

Haileybury . Nangaral ako sa Austin Street Hall nang gabing iyon, at sa sumunod na dalawang gabi ay may mga pagtitipon kami sa Minneapolis at Duluth na inayos ni Tom Baird. Pagkatapos ng ilan pang hintuan, nakarating kami sa Victoria.

Hindi madali ang sitwasyon para kay Anna, kapapaalam lang sa pamilya niya at pagkatapos ay makikilala pa lang ang Nanay at mga kapatid kong babae sa unang pagkakataon. Buong-pusong pagsalubong ang ibinigay nila sa kanya at tinanggap siya bilang kapatid. Pero sa tingin ko, hindi pa lubos na napapatawad ni Florrie si Anna sa pag-agaw sa kapatid niya. Nagkaroon si Florrie ng malungkot na karanasan sa isang lalaking nagpanggap na Kristiyano. Naghiwalay sila nang malamang nagkukunwari lang pala itong mananampalataya para ligawan siya. Mula noon, naging napakalapit namin ni Florrie, madalas sabay kaming naglalakad papasok sa trabaho tuwing umaga. Gayunman, hindi kailanman hinayaan ni Florrie na makaapekto ang damdamin niya sa pagsuporta sa amin sa kanyang mga panalangin at mga kaloob.

Anim na linggo kami roon, bumibisita sa mga kapulungan sa Victoria (dalawa

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

noong panahong iyon) at ilan sa Vancouver Island. Sa paglipas ng mga taon, naging tapat ang mga kapulungang ito sa pagsuporta sa amin sa kanilang mga kaloob at panalangin. Natural, marami nang nagbago. Sa mga pumirma sa aking sulat ng pagtatagubilin, lahat sila ay nasa piling na ng Panginoon; ang huli sa kanila, si Mr. John Thomson, ay pumanaw noong Nobyembre 1980. Gayunman, ang mga sumunod na salinlahi ay naging tapat sa patuloy na pagmamalasakit sa amin at sa gawain ng Panginoon na aming pinaglilingkuran.

Nakatakda kaming maglayag mula sa Victoria sakay ng "S.S. Empress of Asia" noong ika-30 ng Nobyembre. Mabigat ito para sa aking Nanay, dahil kinaumagahan ay ika-15 anibersaryo ng pagkatawag pauwi kay Tatay. Malamig ang gabing iyon habang nagtitipon ang mga kaibigan sa pantalan para ihatid kami. Nang magsimulang lumayo ang barko sa pantalan, sumigaw ako, "Huwag kang tumigil ng kadadalangin sa Panginoon nating Dios, ng dahil sa atin" (1 Samuel 7:8). Puno ng bulaklak ang aming cabin, pati mga kahon ng tsokolate at kendi, ang ilan ay galing sa mga kaibigan sa Vancouver kung saan nagsimula ang biyahe ng barko. Naghahain na ng hapunan, pero mas pinili naming matulog na.

Nagulat ang chief steward nang makita kami sa almusal; akala niya ay naiwan kami sa Vancouver. May isang matandang babae roon na naghahanap sa amin. May grupo ng mga misyonero ng Scandinavian Alliance sa barko na papunta sa China, kaya nasiyahan kami sa pakikisama nila kahit kakaunti lang ang alam nilang Ingles. Isang hapon, sinabi sa amin ng isa pang misyonera na narinig niyang umiiyak sa kaniyang cabin ang isang matandang babae sa grupong iyon. Pinuntahan siya ni Anna para tingnan kung may maitutulong siya, pero habang nakikinig siya, naunawaan niyang nakaluhod pala ang mahal na kapatid at nagsusumamo para sa mga naliligaw na kaluluwa sa China.

Nang dumaan kami malapit sa Aleutians, napakalamig at mabagyo. Kung minsan, nababalot ng yelo ang deck at hindi pinapayagang lumabas ang mga pasahero. Sa Yokohama, ilan sa amin ang namasyal nang isang araw sa Tokyo. Pagbalik namin, bumaba kami ng tren sa isang istasyong may nakasulat na Yokohama, pero agad naming napansin na hindi iyon ang sinakyan namin kaninang umaga. Sinubukan naming hanapin ang daan

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

pabalik sa barko nang naglalakad. Hindi nagtagal, naligaw kami, palakad-lakad sa makikitid na kalye habang pinagmamasdan kami nang may pagtataka ng mga Hapon na naghahanda ng kanilang hapunan. Kahit noon pa man ay may kaunting galit na sa mga Amerikano, kaya hindi sila gaanong palakaibigan, at wala kaming makitang marunong mag-Ingles. Sa wakas, nakabalik kami sa istasyong pinagsimulan ng aming paglalakad; paikot-ikot lang pala kami. Sa istasyon ay may iba pang mga pasaherong ganoon din ang nangyari. Magkakasama kaming nakakita ng taong makapagtuturo sa amin ng daan sa Ingles. Wala pang isang taon pagkaraan, halos buong Tokyo at Yokohama ay nawasak ng isang malakas na lindol at sunog.

Huminto rin kami sa Kobe at Nagasaki; sa Nagasaki ay nagkarga ng uling ang barko. Nang dumaong ang barko sa look, lumapit sa tagiliran nito ang mga bangkang puno ng uling. Mabilis na itinayo ang plantsang kawayan sa mga bangka at sa tagiliran ng barko, at di nagtagal ay napuno ito ng mga lalaki at babae na nagpapasahan ng mga basket ng uling para ibuhos sa daluyan. Pagdating ng hapon ay tapos na ang trabaho, at abala na ang mga tripulante sa paglilinis ng alikabok ng uling sa mga deck at tagiliran ng barko.

Ang sumunod na hintuan ay Shanghai, kung saan dumaong ang barko sa bukana ng Ilog Whangpoo. Isinakay ang mga pasahero sa maliliit na bangkang de-motor paakyat sa ilog papunta sa lungsod—napakalamig na biyahe sa kalagitnaan ng Disyembre. Dala namin ang address ni Dr. Parrott at ng kaniyang asawa, at laking pasasalamat namin nang buksan niya ang heater. Kaya pala nagsusuot ang mga Intsik ng makakapal na damit tuwing taglamig! Nasiyahan kami sa pakikisama sa kanila noong Linggong iyon, at pati kay Mr. Eldridge ng British and Foreign Bible Society, na dating naging ahente sa Manila.

Umalis ang barko sa Shanghai noong Linggo ng gabi at dumating sa Manila noong Miyerkoles ng umaga. Biglang lipat mula sa lamig ng taglamig papunta sa init ng tropiko. Madalas kaming bumalik sa cabin para magpalit ng mas presko na damit. Maaga kaming gumising noong Miyerkoles ng umaga para masilayan sa unang pagkakataon ang Kapuluan ng Pilipinas, ang lupaing pinili ng Panginoon para sa amin. Mahigit isang

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

taon pa lang mula nang sabihin ng Panginoon, “Pumunta ka sa Pilipinas.” Pinuri namin Siya sa paraan ng Kaniyang pag-akay sa amin.

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

KABANATA 8

Ang Pagsisimula ng Aming Gawaing Misyonero

"At, narito't ako'y sumasa iyo, at iingatan kita saan ka man pumaroon...sapagka't hindi kita iiwan hanggang hindi ko magawa ang sinalita ko sa iyo." (Genesis 28:15)

Laging kawili-wili ang unang pagdating sa isang bagong lupain. Pagkatapos makalusot ng aming barko sa quarantine, sunud-sunod na umakyat ang mga tao sa barko. Kasama nila si Mrs. Wightman (nasa ibang bansa noon si Mr. Wightman) at si Mr. Jesus Alvarez, isang batang kapatid sa kapulungan sa Walled City. Dati siyang estudyante ng abogasya, pero nang tunay niyang makilala ang Panginoon, nagpasiya siyang ialay ang kaniyang buhay sa paglilingkod sa Panginoon. Tumutulong siya sa gawain sa Walled City nang dumating kami. Nang maglaon, nag-aral siya sa seminaryo at bumalik sa dati niyang denominasyon, kung saan naging obispo siya sa bandang huli.

Nang unang gabi, Disyembre 20, 1922 (na sana ay ika-36 na anibersaryo ng kasal ng aking mga magulang), dumalo kami sa pulong-panalanginan sa bulwagan sa Walled City. Doon ay mainit kaming tinanggap ng mga mananampalataya, at malaking kagalakan para sa amin ang makilala sila. Nang magreklamo kami tungkol sa init, sinabi nila sa amin na taglamig pa raw iyon! Kaya kinatakutan namin ang tag-init, pero hindi pala ganoon kahirap dahil nasanay na kami habang tumataas ang temperatura. Ang totoo, hindi ganoon kalaki ang pagkakaiba, dahil hindi lumalampas nang higit sa tatlumpung digri Fahrenheit ang pagbabago ng temperatura sa buong taon.

Marahil ito ang magandang pagkakataon para lumihis muna at ikuwento ang pagsisimula ng gawain dito sa mga tinatawag na Brethren. Sisipiin ko ang isang "Echoes Manual" na isinulat ko noong 1929.

"Higit sa isa ang nagkaroon ng bahagi sa pagsisimula ng gawain dito ayon sa paraang itinuturo ng Kasulatan, pero ang unang nagsimula ng ganitong kapulungan ay si Mr. William Averyt, na ganito ang isinulat tungkol sa kaniyang pagpunta sa Pilipinas:

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

" 'Noong Hulyo 8, 1911, sa aking kuwarto, bandang ala-una, sa Jonesboro,

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

Arkansas, nagsalita ng kapayapaan ang Diyos sa aking kaluluwa sa pamamagitan ng Kaniyang Anak…. Hindi nagtagal ay itinulak Niya ako palayo sa mga taong masasandalan, palabas sa bukid ng anihan. Sa Kapuluan ng Pilipinas ako ipinadala, para madestino sa 13th Infantry sa Cuartel de Espana at pagkatapos ay sa Ft. McKinley…Malinaw akong inakay ng Espiritu Santo sa mga estudyante ng high school sa Walled City.'

"Di nagtagal pagdating niya, o noong unang bahagi ng 1912, sinimulan niyang dalawin ang mga estudyanteng ito sa kanilang mga kuwarto. Kabilang sa mga unang naligtas si Sulpicio Guillen at ang kaniyang pinsan. (Maraming taon na naging linotype operator si Mr. Guillen sa Manila Daily Bulletin. Nang magretiro siya, lumipat siya sa Kapatagan, Lanao del Norte, kung saan may lupang sakahan siya. Pumanaw siya ilang taon na ang nakararaan, pero sumusulat pa rin kami sa kaniyang biyuda, na ngayon ay nasa kalagitnaan na ng kaniyang ikawalumpung taon at mahina na.)

"Hindi nagtagal ay nagsimula ang isang Bible class sa isang kuwarto sa Calle Victoria, Walled City, at noong panahong iyon din ay pansamantalang inilipat mula sa Albay si Major (noo'y Capt.) Moses T. Barlow at nakilala niya si Mr. Averyt. Masaya silang nagsalu-salo sa Salita ng Diyos. Nang maglaon, noong 1913, muling napunta sa Manila si Major Barlow, at narito ang sarili niyang salaysay tungkol sa mga araw na iyon:

" 'Malaking tulong si Bro. Averyt kay Mrs. Barlow at sa akin. Napaniwala niya si Mrs. Barlow na dapat siyang sumunod sa Panginoon sa bautismo ng mananampalataya, at binautismuhan niya ito sa Manila Bay. Tinulungan din niya akong maunawaan ang maraming katotohanan.

" 'Ibinalita sa amin ni Bro. Averyt na tinuturuan niya ang mga estudyanteng ito, at halos lahat sila ay nagpahayag na sila ay ligtas na at nabautismuhan na. Sinabi niya sa amin na pinaghahandaan niya ang panahong makapagsimula ng isang regular na kapulungan, na nagtitipon ayon sa paraang itinakda ng Diyos tuwing Araw ng Panginoon sa palibot ng Kaniyang hapag, sa pananampalataya, na nalalamang Siya ay nasa gitna nila bilang katuparan ng Kaniyang pangako. Habang nasa Manila kami

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

nagsimula ang pagtitipon. Napaniwala rin si Mrs. Noronha at ang kaniyang anak na babae na iyon ang tamang lugar para sa kanila, at nakikitipon sila sa amin. Kulang pa ang aming pagkaunawa, pero kinuha lang namin ang Kasulatan, at pinarangalan ng Panginoon ang aming hiling na makaunawa, at sa Kaniyang biyaya ay ipinakita Niya sa amin ang Kaniyang kalooban, habang nagtitiwala kami na gagawin Niya iyon. Ang mga pulong na iyon sa kuwarto ng estudyante sa Calle Victoria ang pinakamakadiyos na mga pulong na dinaluhan ng sinuman sa amin. May init na espirituwal doon, taimtim na paghahanap sa Diyos, at bilang bunga nito, isang hindi mapagkakamalang presensya ng Espiritu Santo. Duda ako kung makadadalo pa ako ng mas espirituwal na mga pulong hanggang sa Dakilang Pagtitipon kasama ng ating Tagapagligtas sa alapaap. Walo o siyam ang bilang ng kapulungan na nasa pakikisama noong panahong iyon.

" 'Umalis ako sa Manila papuntang U.S.A. noong Disyembre 15, 1913, at bumalik noong Hunyo 2, 1914. Habang nasa Estados Unidos, tinanggap ako sa pakikisama sa kapulungan sa San Francisco at marami akong natutunan. Nagpapatuloy pa rin ang maliit na pagtitipon, pero sa tahanan na ni Mrs. C. H. Noronha sa Malate nagtitipon. Nagulat ako at nagpasalamat nang malaman kong ang aking kompanya ay nakadestino mismo sa lungsod ng Manila. Mahigit isang buwan lang at inilipat na ito sa ibang lugar, pero madalas pa rin akong pumupunta sa Manila, at nagpatuloy ang pagtitipon sa tahanan ni Mrs. Noronha pagkatapos naming tuluyang umalis sa Pilipinas noong Hunyo 19, 1919.' "

Si Mr. at Mrs. George Wightman, na napilitang umalis sa kanilang gawain sa Tehuacan, Mexico dahil sa ilang batas ng Mexico, ay taimtim na nananalangin sa Panginoon tungkol sa ibang larangan ng paglilingkod. Nang maiugnay sila kay Major Barlow, nalaman nila ang tungkol sa kaniyang mga panalangin na may magpatuloy sa gawain pagbalik niya sa Estados Unidos. Bumalik na rin sa U.S. si Mr. Averyt, kung saan nagtrabaho siya sa staff ng Chicago Tribune. Noong Marso 1929, nagkaroon ako ng pribilehiyong makasalo siya sa tanghalian doon, noong una naming furlough. Umuwi siya sa piling ng Panginoon makalipas ang tatlong taon. Sa paniniwalang iyon ang kalooban ng Panginoon para sa

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

kanila, dumating ang mga Wightman sa Kapuluan noong Mayo 1919, isang buwan lang bago umalis si Major Barlow at ang kaniyang pamilya papuntang U.S.

Nakita nila ang mga pagkakataong bukas sa mga estudyante sa Walled City, at wala pang ibang gawain doon, kaya umupa sila ng isang bulwagan. Ang bulwagang ito, na nasa tapat mismo ng Katedral ng Romano Katoliko, ay binuksan noong Hulyo 1919 at ginamit nang dalawang taon. Pagkatapos ay lumipat sila sa kanto ng mga kalye ng Victoria at Magallanes, nasa Intramuros din. Kinailangang ayusin ang mga gusaling ito para maging angkop na pagtitipunan. Mga 14,000 katao noon ang nakatira sa bahaging iyon ng lungsod. Marami sa mga lumang bahay na istilong Kastila ang tinitirhan ng napakaraming estudyante. Pero malakas ang impluwensya ng Romano Katoliko, na may ilang simbahan at institusyon sa lugar na iyon na mahigit lang nang kaunti sa isang milya kuwadrado.

Masipag na manggagawa si Major Barlow, at hinikayat niya ang pagdaraos ng mga pulong sa mga baryo sa palibot ng Fort McKinley. Dito nakatira ang mga sundalong Pilipino at ang kanilang mga pamilya. Noong tagsibol ng 1920, binili ang isang simpleng gusaling kawayan sa Masilang, at ipinagpatuloy doon ng mga Wightman ang gawain. Mga anim na milya ito mula sa lungsod, pero madaling marating sakay ng de-kuryenteng tranvia.

May dalawang problemang humahadlang sa pagtatayo ng isang pangmatagalang gawain sa Walled City at sa Masilang. Una, pansamantala lang ang mga estudyante at mga sundalo. Kadalasan, umaalis na sa Walled City ang mga estudyante kapag tapos na sila sa pag-aaral at nagtatrabaho na sa ibang lugar. Ang mga sundalo naman ay inililipat sa ibang lugar o kaya ay nade-discharge. Ang ikalawang problema ay ang wika. Ang dalawang grupong ito ay galing sa iba't ibang bahagi ng Kapuluan at sa iba't ibang lugar ng wika. Ingles ang gamit sa mga pulong sa Walled City dahil sa wikang iyon nag-aaral ang mga estudyante. Sa Masilang naman ay halos Tagalog, kahit marami sa mga dumadalo ay hindi bihasa sa wikang iyon.

Pagdating namin sa Manila, habang inaasikaso ko ang aming bagahe sa

Grace Triumphant © 1985 Walterick Publishers

customs, nilapitan ako ng isang Pilipinong nakasibilyan. Nagulat ako nang tanungin niya kung may lisensya ako sa pagdadala ng baril. “Wala po,” sagot ko, “wala pa akong baril kahit kailan sa buong buhay ko!” Pagkatapos ay gusto niyang malaman kung ano ang nasa bulsa ko sa likod. Nakangiti kong sinabi, “Hindi baril iyan—tabak iyan!” Medyo natigilan siya nang ilabas ko ang aking pocket Bible. Siyempre, hindi niya maiintindihan kung ano ang ibig kong sabihin sa tabak. Nagdududa pa rin siya, dahil nang pumunta ako sa ibang gusali para kunin ang aming bagahe sa bodega ng barko, sumulpot ulit siya at ipinilit na buksan ang mga kahon. Baka umaasa pa rin siyang may makitang armas!

